# PANG-AKADEMIKONG KAKAYAHAN SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG

Isang Tesis

Iniharap sa

Kaguruan ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

**SAMAR COLLEGE**

Lungsod ng Catbalogan

Bilang Bahagi ng

Mga Gawaing Itinakda para sa Kursong

**MASTER NG SINING SA EDUKASYON**

(Filipino)

**ROWENA B. GORGONIA**

Oktubre 2020

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bilang pagtupad sa gawaing itinakda para sa digring Master sa Sining ng Edukasyon, Medyor sa Filipino; itong tesis na Pinamagatang, "**PANG-AKADEMIKONG KAKAYAHAN SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG**", na inihanda at iniharap ni **Rowena B. Gorgonia** na pumasa sa Komprehensibong Pagsusulit ay itinagubilin para sa isang Pasalitang Pagsusulit.

**CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Guro sa Gradwadong Pag-aaral
Tagapayo

---

Pinagtibay ng Komite ng Pasalitang Pagsusulit noong **OKTUBRE 24, 2020** na may markang **PASADO**.

**NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Tagapangulo

**IMELDA M. UY, EdD**
Pansangay na Tagamasid
Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan
Miyembro

**GUILLERMO D. LAGBO, DPA**
Guro, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, Dalubhasa sa Estadistika
Samar College
Miyembro

**ROSARIO E. RESMA, MAEd**
Guro, Gradwadong Pag-aaral ng Samar College
Miyembro

**ALLAN L. DACLES, MAEd**
Guro, Gradwadong Pag-aaral ng Samar College
Miyembro

---

Tinanggap bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degring **MASTER SA SINING NG EDUKASYON**, midyur sa Filipino.

**NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusuri

**Oktubre 24, 2020**

## PAGKILALA

Ang pagsagawa ng pananaliksik na ito ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa tulong ng mga taong nagbigay ng kanilang kaalaman at panahon sa mananaliksik. Ang kanilang personal at propesyunal na tulong ay nagsilbing matatag na pundasyon upang maisakatuparan ang pagsagawa ng pananaliksik.

Lubos ang pagpasalamat ng mananaliksik sa mga payo na ibinahagi ni Dr. Carmelita C. Aburahman, bilang tagapayo ng pananaliksik. Ang mananaliksik ay lubos na tumatanaw ng utang na loob sa tagapayo dahil sa ginawang pag-rebisa sa manuskrito lalo na sa pagbabaybay ng mga salita at sa pagsasaayos sa aspetong gramatika.

Ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat kay Dr. Nimfa T. Torremoro, and Dekana ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan, para sa walang humpay na paggabay sa mananaliksik, lalo na sa mga mahahalagang mungkahi hinggil sa mga dapat ayusin sa teknikal at nilalaman ng pananaliksik bilang tagapangulo ng pasalitang pagsusulit.

Hindi rin maaaring kalimutan ang mahalagang tulong na ibinahagi nina Dr. Imelda M. Uy, Pansangay na Tagasamasid ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, Dr. Guillermo D. Lagbo, Guro sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, Gng. Rosario E. Resma, Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar, at G. Allan L. Dacles, Guro ng Pambansang Paaralan ng Motiong,

Sangay ng Samar, bilang mga miyembro ng lupon ng pasalitang pagsusulit. Ang kanilang mga payo hinggil sa pagpapabuti ng isinagawang pananaliksik ay nagsilbing patnubay sa mananaliksik na maisagawa ito nang tama at mahusay.

Sa karagdagan, mahalaga rin ang naging papel ni Dr. Guillermo D. Lagbo bilang tagapaglapat estadistika upang mabigyang linaw ang mga tiyak na suliranin sa isinagawang pananaliksik.

Hindi rin magiging posible ang pag-aaral na ito kung hindi dahil sa tulong ng Pansangay na Tagapamanihala ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, Dr. Marilyn D. Siao, at ang Punong Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar, Gng. Ruth D. Cabanganan, sa kanilang pahintulot na maisakatuparan ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng isang sarbey sa mga piling mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar.

Lubos din ang pasasalamat ng mananaliksik sa mga piling mag-aaral sa ikapitong baitang na nagsilbing mga tagasagot sa mga talatanungan sa kanilang pagbigay ng panahon na sagutan ito. Ang kanilang mga sagot sa mga talatanungan ang siyang naging laman ng pananaliksik. Kung hindi dahil sa kanilang kabutihang loob, hindi naisakatuparan ang gawaing ito.

Nagpapasalamat din ang mananaliksik sa mga piling kaibigan kabilang si Bb. Janice Colebra, sa pagsasakripisyo na maitala ang mga nalikom na mga datos; at sa mga tagapayo

ng lahat ng pangkat sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar sa kanilang pahintulot na maipamigay ang mga talatanungan sa mga mag-aaral na tagasagot.

Higit sa lahat, lubos ang pasasalamat ng mananaliksik sa kanyang asawa, G. Patrocenio H. Gorgonia, at kanilang mga anak na sina Ma. Auriel Joy, Vince Russel, Michelle, at Rey Cyril, at sa kanyang ina, Minda A. Espolon, sa pag-unawa, pagpapasensya, at pagmamahal na ipinadama sa panahon ng pagsasagawa ng pananaliksik.

Ang mananaliksik ay lubos din ang pananalig sa Poong Maykapal na siyang nagbigay buhay, talino, at lakas ng loob na matapos ang pananaliksik na ito.

**R.B.G.**

# PAGHAHANDOG

"Ang susi sa kaligayahan ay ang pagiging mapagpasalamat" ~Anonymous~

Taos pusong pasasalamat sa aking asawa,
Pat, sa pagmamahal at pag-unawa;

Sa aking mga anak,
Auriel, Vince, Michelle at Rey, sa kanilang pagtulong sa pamamagitan ng pagpapalakas ng aking loob;

Sa aking mahal na ina, Minda, sa kanyang pag-aruga sa aking pamilya sa panahong hindi ko magawa; at

Sa Poong Maykapal, sa lakas ng pag-iisip na kanyang ibinigay upang hindi sumuko sa mga pagsubok dala ng pag-aaral na ito…

Sa inyo pong lahat, maraming Salamat!

Weng

## ABSTRAK

| | | |
|---|---|---|
| **Pamagat ng Tesis** | : | **PANG-AKADEMIKONG KAKAYAHAN SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG** |
| **May-Akda** | : | **ROWENA B. GORGONIA** |
| **Wikang Ginamit** | : | Filipino |
| **Uri ng Pananaliksik** | : | Tesis |
| **Disiplina** | : | Filipino |
| **Programa** | : | Master sa Sining ng Edukasyon |
| **Buong Titulo ng Degri** | : | Master sa Sining ng Edukasyon (Filipino) |
| **Taon ng Pagkompleto** | : | Oktubre 2020 |
| **Keywords** | : | Pang-Akademikong Kakayahan<br>Filipino<br>Mag-aaral sa Ikapitong Baitang<br>Pambansang Paaralan ng Samar |

---

Tinukoy sa pag-aaral na ito ang mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar sa Taong Panuruan 2019-2020.

Sa katiyakan, inalam sa pag-aaral na ito ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang mga marka sa tatlong markahan ng Taong Panuruan 2019-2020, at ang mga salik ang nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

Tinuos sa pag-aaral na ito ang mga epotesis kung mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga profayl baryet; kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet; at kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga salik na nakaaapekto rito.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang tamtamang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay nataya sa 82.16 na may estandard na kaibahan sa pagitan nito na 9.49. Sa pagtasa sa mga salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot, ang aspeto ng sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pangkaisipang salik, sosyal at emosyonal na salik at estruktural at pampaaralang salik ay katamtaman lamang. Naipakita rin na mayroong mahalagang pagkakaiba sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ang mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga gulang, kasarian, at saloobin sa pagbabasa sa Filipino.

Sa karagdagan, mayroong mahalagang kaugnayan ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na

tagasagot at ang kanilang kasarian at bilang ng mga babasahin. Sa huli, mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga sosyo-ekonomiko, sikolohikal o pangkaisipan, at sosyal at emosyonal na mga salik na nakaaapekto rito.

## TALAAN NG MGA NILALAMAN

**Pahina**

**DAHONG PAMAGAT** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i

**DAHONG PAGPAPATIBAY** . . . . . . . . . . . . . . . . ii

**PAGKILALA** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

**PAGHAHANDOG** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vi

**ABSTRAK** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vii

**TALAAN NG MGA NILALAMAN** . . . . . . . . . . . . . . x

**TALAAN NG MGA TALAHANAYAN** . . . . . . . . . . . . . xiii

**TALAAN NG MGA FIGURA** . . . . . . . . . . . . . . . . xv

**Kabanata**

**1 ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO** . . . . . . . 1

Panimula . . . . . . . . . . . . . . . . 1

Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . . 6

Mga Ipotesis . . . . . . . . . . . . . . 7

Batayang Teyoretikal . . . . . . . . . . 8

Batayang Konseptwal . . . . . . . . . . . 13

Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . . . 17

Saklaw at Delimitasyon . . . . . . . . . 19

Katuturan ng mga Talakay . . . . . . . . 20

**2 PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL** . . . . . . . . . . . . . . . . 25

Kaugnay na mga Literatura . . . . . . . . 25

Kaugnay na mga Pag-aaral . . . . . . . . 33

3 **METODOLOHIYA** . . . . . . . . . . . . . . . . . 47

Disenyo ng Pananaliksik . . . . . . . . . . 47

Lokal ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . . 49

Instrumentasyon . . . . . . . . . . . . . . 51

Balidasyon ng Instrumento . . . . . . . . . 53

Paraang Sampling . . . . . . . . . . . . . 53

Paglikom ng mga Datos . . . . . . . . . . 56

Paglalapat Estadistika ng mga Datos . . . 57

4 **PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS** . . . . . . . . . . . . . . 64

Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . 64

Antas ng Pang-Akademikong Kakayahan sa Filipino . . . . . . . . . . . . . . . . 75

Pagkakaiba sa Antas ng Pang-Akademikong Kakayahan sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Kanilang mga Profayl Baryet . . . . . . . . . . . . 77

Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Pang-Akademikong Kakayahan sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang Kanilang mga Profayl Baryet . . . . . . 89

Salik na Nakaaapekto sa Pang-Akademikong Kakayahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot 102

Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Pang-Akademikong Kakayahan sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang Salik na Nakaaapekto Nito . . . . . . . . . . 113

Implikasyon ng Pag-aaral . . . . . . . . 121

5 **LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON** . . . . . . . . . . . . . 122

Lagom ng Kinalabasan . . . . . . . . . . 122

Mga Konklusyon . . . . . . . . . . . . . . 125

Mga Rekomendasyon . . . . . . . . . . . . . 128

**TALASANGGUNIAN** . . . . . . . . . . . . . . . . . . 130

**MGA APENDIKS** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 136

A Liham Pagpapatibay ng Panukalang Tesis . 137

B Liham Pagtatalaga ng Tagapayo ng Pananaliksik . . . . . . . . . . . . . 138

C Talatanungan para sa mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . 139

D Liham Paghingi ng Pahintulot sa Pansangay na Tagamasid ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan . . . . . . . . . . . . . . 146

E Liham Paghingi ng Pahintulot sa Punong Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar . 147

**KURIKULUM VITA** . . . . . . . . . . . . . . . . . . 148

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN


| Talahanayan | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . | 55 |
| 2 | Degri ng Linear Relationship . . . . . . . . | 61 |
| 3 | Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . . . | 65 |
| 4 | Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . | 67 |
| 5 | Sanliqang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . | 68 |
| 6 | Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . | 70 |
| 7 | Bilang ng Babasahin ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . . . | 71 |
| 8 | Uri ng Babasahin ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . . . | 72 |
| 9 | Saloobin ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pagbasa sa Filipino . . . . . . . . . . . | 74 |
| 10 | Antas ng Pang-akademikong Kakayahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Filipino . . . . | 76 |
| 11 | Pagkakaiba sa Antas ng Pang-akademikong Kakayahan sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Kanilang mga Profayl Baryet . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | 78 |
| 12 | Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Pang-akademikong Kakayahan sa Filpino ng mga Mag aaral na Tagasagot at ang Kanilang mga Profayl Baryet . . . . . . . . . . . . . . | 90 |
| 13 | Salik na Nakaaapekto sa Pang-akademikong Kakayahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Sosyo-Ekonomiko . . . . . . . . . | 104 |

14 Salik na Nakaaapekto sa Pang-akademikong Kakayahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Sikolohikal o Pangkaisipan . . . . 106

15 Salik na Nakaaapekto sa Pang-akademikong Kakayahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Sosyal at Emosyunal . . . . . . . 108

16 Salik na Nakaaapekto sa Pang-akademikong Kakayahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Struktural at Pampaaralan . . . . 111

17 Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Pang-akademikong Kakayahan sa Filpino ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang Salik na Nakaaapekto Nito . . . . . . . . . . . . . 114

# TALAAN NG MGA FIGURA


| Figura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral . . . | 14 |
| 2 | Ang Mapa ng Lokal ng Pag-aaral . . . . . . | 50 |

# Kabanata 1

# ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

## Panimula

May mga mag-aaral na nahihirapang makakuha ng mataas na marka sa pag-aaral. Ito ay maaaring sanhi ng iba't ibang mga salik na nagiging dahilan upang mawalan ng interes o kawilihan sa pag-aaral ang mga mag-aaral. Nakababahala ang mga ganitong pangyayari sapagkat nagdudulot ito ng pagbaba ng kalidad ng edukasyon. Kapag hindi ito naagapan ay maaaring masira ang imahe at reputasyon ng sistema ng edukasyon ng isang bansa, kagaya ng Pilipinas.

Ang mga Pilipino ay may mataas na pagtingin sa kahalagahan ng edukasyon. Sa katunayan, sa isang sarbey na isinagawa, 98 bahagdan ng mga kabataang Pilipino ang nagsabing makabuluhan ang pagkakaroon ng isang magandang edukasyon. Subalit, kadalasang hindi masasalamin sa estado ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ang kinalabasang mataas na pagtingin sa edukasyon. Maaaring ito ay dahil sa pang-akademikong kakayahan na naiimpluwensiyahan ng iba't ibang mga salik, maliban sa mataas na pagtingin sa edukasyon ng mga mag-aaral (Bernardo et al., 2009:169-190).

Kaugnay nito, responsibilidad ng isang pang-akademikong institusyon ang lumikha ng mga mag-aaral na nagtamo ng

kabuuang pag-unlad ng buong pagkatao, kabilang ang pagkakaroon ng pinakamataas na antas ng pang-akademikong kakayahan o akademikong tagumpay. Sa katunayan, karamihan sa mga pang-edukasyong organisasyon ay nagbibigay ng pagkilala sa pang-akademikong kagalingan (Khajehpour, 2011:1081).

Ang Batas Republika Bilang 10533, o kilala bilang "Isang Batas na Nagpapabuti sa Sistema ng Batayang Edukasyon sa Pilipinas sa Pagpapalakas ng Kurikulum nito at Pagdadagdag ng Bilang ng mga Taon para sa Batayang Edukasyon, Paglalaan ng Pondo para rito at para sa Iba pang Layunin", ay nagpapahayag na isa sa polisiya ng estado ng Pilipinas na ang bawat nagtapos sa batayang edukasyon ay magiging indibidwal na may kapangyarihang matuto sa pamamagitan ng isang programa na nakaugat sa maiinam na prinsipyong pampagkatuto at nakatuon sa kahusayan ng mga batayan ng pagkatuto sa buong buhay, ng kakayahan na maghanapbuhay at maging produktibo, ng kakayahang makipamuhay sa isang mabungang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na lokal at pandaigdig, ng kakayahan na makilahok sa isang nakapagsasarili, malikhain, at mapanuring pag-iisip, at ng kakayahan at pagkukusang baguhin ang iba at ang sarili (Batas Republika Bilang 10533, 2013:1).

Dahil sa nabanggit na batas, ang kalidad ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ay nananatiling una sa talaan ng kailangang gawin ng mga namumuno sa edukasyon. Ang

pagbibigay ng prayoridad sa de kalidad na edukasyon ay sumasalamin sa pag-aalay ng pagbabago sa lokal na pamayanan na makilala sa buong mundo sa pagkakaroon ng mga mamamayang may mataas na pinag-aralan, kakayahan, at kasanayan na makipaglaban sa malawakang kalakalan ng mundo. Kaugnay nito, ang mga mananaliksik sa larangan ng akademiko ay matagal nang pinagtutuunan ng pansin ang paggalugad sa mga salik na maaaring may kinalaman sa paglikha ng mga mag-aaral na may mataas na antas ng pang-akademikong kakayahan. Sa pangkalahatan, ang mga salik na ito ay maaaring matagpuan sa loob at labas ng paaralan, kabilang ang mga salik na nagmumula sa mga mag-aaral mismo, sa kanilang pamilya, sa paaralan, at sa kanilang mga kaibigan (Crosnoe et al., 2014:1259-1274).

Subalit, karamihan sa mga literatura sa edukasyon, ang kakayahan ng mga mag-aaral ay nakasalalay sa iba't ibang sosyo-ekonomiko, kognitibo, pangkaisipan o sikolohikal, at pangkapaligirang kadahilanan. Sa katiyakan, ang kakayahan ng mga mag-aaral ay maaaring maapektuhan ng kanilang mga kakayahan din sa pag-aaral at gawaing pagkatuto na hindi dapat limitahin dahil ang mga ito ay maaaring naaapektuhan din ng mga salik kagaya ng lahi, kasarian, at gulang ng mga mag-aaral (Capraro et al., 2009:7).

Sa kabila ng mataas na pagkilala sa de kalidad na edukasyon ng bansang Pilipinas, ang katotohanan ay ang

mababang antas na kakayahan ng mga mag-aaral sa mga lokal at internasyunal na pagsusulit. Batay sa kinalabasan ng isinagawang Programme for International Student Assessment (PISA) noong taong 2018, ang mga mag-aaral na may gulang na 15 na lumahok sa nasabing pagsusulit ay nakakuha ng pinakamababang iskor sa Pagbabasa sa gitna ng 79 na bansang sumali, at pangalawa sa may pinakamababang iskor sa Agham at Matematika. Sa Pagbabasa, ang mga mag-aaral na kalahok ay nagtamo ng tamtamang iskor na 340 sa kabuuang 600 taliwas sa estandard na tamtaman ng Organization for Economic Co-Operation and Development (OECD) na 487. Sa larangan ng Agham, ang mga mag-aaral na kalahok ay nakakuha ng tamtamang iskor na 357 taliwas sa tamtaman ng OECD na 489, at tamtamang iskor na 353 sa Matematika taliwas sa tamtaman ng OECD na 489. Ipinapahiwatig sa natamong tamtamang iskor ng mga mag-aaral na Pilipino na lumahok sa PISA na mayroong mababang antas ng pag-unawa bilang pinakabuod ng suliranin ng edukasyon ng bansa (Luz, 2019:1-2).

Sa lokal na pangyayari, ang pangkalahatang kakayahan ng mga mag-aaral sa sekundarya sa National Achievement Test (NAT) ay mas mababa kaysa sa mga mag-aaral sa elementarya. Sa katunayan, ang tamtamang iskor ng mga mag-aaral sa antas sekundarya sa Taong Panuruan 2011-2012 ay nasa 48.9 bahagdan kompara sa 66.79 bahagdan na tamtamang iskor ng mga mag-aaral

sa elementarya. Sa katiyakan, ang NAT sa Filipino ay tinaya sa 68.09 bahagdan sa Taong Panuruan 2013-2014 at 60.38 bahagdan sa Taong Panuruan 2014-2015. Sa karagdagan, tinaya ang 11.32 bahagdan na pagbaba ng iskor sa NAT ng mga mag-aaral sa loob ng dalawang taon, at tinaya rin itong pagbaba ng iskor kumpara sa mga asignaturang Matematika, Agham, Ingles, at Heograpiya, Kasaysayan, at Sibika (HEKASI) (Ordinario, 2015:1).

Sa mga pagtalakay sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa lokal at internasyunal na pagsusulit, mahihinuhang mababa ang kalidad ng edukasyon na natatamo ng bawat mag-aaral lalo na sa pagtatamo ng literasiya sa pagbasa. Ipinapahiwatig din ng mga nabanggit na datos at ang kaakibat na pag-aanalisa na mababa ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang nakalulungkot na mga pangyayaring ito ang nag-udyok sa mananaliksik na magsagawa ng pagtataya sa mga salik na maaaring nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral sa Pambansang Paaralan ng Samar. Sa kasalukuyan, tanging ang NAT lamang at ang mga markahang pagsusulit ang ginagamit na mga indikeytor upang malaman ang antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Subalit, walang malalim na pag-aanalisa ang isinasagawa ng mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon upang malaman ang mga salik na may kinalaman sa pang-akademikong kakayahan ng mga

mag-aaral sa Pambansang Paaralan ng Samar. Kung kaya minarapat ng mananaliksik na pangunahan ang pagsagawa ng isang pag-aaral sa aspetong nabanggit.

## Paglalahad ng Suliranin

Tinukoy sa pag-aaral na ito ang mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020.

Sa katiyakan, sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet:

   1.1 gulang at kasarian;

   1.2 kabuuang buwanang kita ng pamilya;

   1.3 sanligang edukasyon ng mga magulang;

   1.4 hanapbuhay ng mga magulang;

   1.5 bilang ng mga babasahin;

   1.6 uri ng mga babasahin; at

   1.7 saloobin sa pagbabasa sa Filipino?

2. Ano ang kasalukuyang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang mga marka sa tatlong markahan ng Taong Panuruan 2019-2020?

3. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga profayl baryet?

4. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet?

5. Ano-anong mga salik ang nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga aspeto:

5.1 sosyo-ekonomikong salik;

5.2 sikolohikal o pangkaisipang salik;

5.3 sosyal at emosyonal na salik; at

5.4 struktural at pampaaralang salik?

6. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga salik na nakaaapekto rito?

7. Anong mahalagang implikasyon ang maaaring makuha mula sa kalalabasan ng pag-aaral?

**Mga Ipotesis**

Batay sa mga tiyak na suliranin, ang sumusunod na mga ipotesis ay tinaya:

1. Walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga profayl baryet.

2. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet.

3. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga salik na nakaaapekto rito.

**Batayang Teyoritikal**

Tatlong mahahalagang teorya ang nagsilbing gabay upang maipaliwanag nang mabuti ang mga tiyak na suliranin sa pag-aaral. Ang mga ito ay ang: Self-Perception Theory ni Bem, Motivational Systems Theory (MST) ni Ford, at Social Cognitive Theory ni Bandura.

Ang Self-Perception Theory ni Bem (1972:1-62) ang pangunahing teorya ng pag-aaral na ito. Ang teorya ay nagpapanukala na ang gawi o kilos ng bawat tao ay mahihinuha sa pamamagitan ng kanyang pagpapaliwanag sa gawi o kilos ng ibang tao na kadalasang naiimpluwensiyahan ng iba at hindi ng kanilang sariling pag-iisip. Sa sitwasyon ng mga mag-aaral na kadalasan ay nag-iisip na ang Filipino ay isang mahirap na asignatura ay maaaring magkaroon ng kaparehong nararamdaman sa kanilang kapwa mag-aaral. Samakatuwid, sa bawat panahong hindi nila maunawaan ang mga aralin sa Filipino, ay may posibilidad na iniisip nilang hindi sila nag-iisa kundi nararanasan din ng iba pa sa kanila.

Kaugnay nito, ang pang-akademikong kakayahan ay maaaring maipaliwanag sa konteksto ng pananaw ng isang mag-aaral na dumaranas na mahihirapan sa pag-aaral ng Filipino na maaaring mag-isip na hindi lang siya ang mahihirapan sa pag-aaral ng nasabing asignatura. Subalit, kung taliwas ang pananaw ng isang mag-aaral, maaari siyang makabuo ng positibong saloobin sa asignaturang Filipino dahil maaari niyang maipaliwanag kung bakit niya nagugustuhan ang nasabing asignatura.

Sa madaling salita, ang kawilihan ng isang mag-aaral na matutunan ang Filipino bilang isang asignatura ay makatutulong upang makabuo ng epektibong mga gawi sa pag-aaral na magsisilbing daan upang magkamit ng isang positibong saloobin sa nasabing asignatura na sa kalaunan ay makapagbibigay ng mas mataas na pang-akademikong kakayahan sa Filipino. Ipinapahiwatig ng teorya na mahalagang malaman ang mga salik kagaya ng saloobin at gawi sa pag-aaral, at ang iba pa upang paunlarin ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Inaasahang ang mga mag-aaral ay magkakamit ng mataas na antas ng kakayahan sa asignaturang Filipino upang masunod ang mga pamantayang ipinapanukala ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) (Mendezabal, 2013:28).

Alinsunod sa nabanggit na teorya, ang No Filipino Child Left Behind Act of 2010 ng Pilipinas ay nagsasabing ang estado ay mangangalaga at magpapausbong sa karapatan ng bawat isang

mamamayan sa de kalidad na edukasyon at magsasagawa ng mga kaukulang hakbang upang masiguro na ang edukasyon ay para sa lahat. Kaugnay nito, isinasaalang-alang ang bawat mag-aaral na mabigyan ng parehong pagkakataon na matuto sa loob ng paaralan. Upang siguruhin ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng klase ang mga guro ay nararapat na bigyang pansin ang mga pagkukulang ng bawat mag-aaral. Nararapat lamang na hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na mabuo ang mga gawi o kilos na positibo ukol sa asignaturang Filipino. Kasabay nito, kailangang mabawasan ang mga bagay na maaaring makaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, kagaya ng iba't ibang salik na pisikal, sosyo-ekonomikal, sikolohikal, at iba pa.

Ang Motivational Systems Theory ni Ford (1992:70) ay ginawang batayang teorya sa pag-aaral na ito. Ang MST ay nakatuon sa indibidwal bilang yunit ng pag-aanalisa, na pinapalibutan ng biyolohikal, sosyal, at pangkapaligirang konteksto na lubhang mahalaga para sa kanyang pag-unlad. Ang MST ay naglalayong ilarawan ang pag-unlad ng buong pagkatao ng isang indibidwal ayon sa mga nabanggit na konteksto o ang person-in-context. Sa katunayan, ipinanukala ng nasabing teorya ang isang simpleng pormula na nagpapakita ng lahat ng mga salik sa pag-unlad ng isang indibidwal: Achievement = (Motivation x Skill) x Responsive Biological Structure.

Ang nabanggit na pormula ay nagpapanukala na ang pang-akademikong kakayahan ay resulta ng pagganyak, kasanayan, at ang likas na biyolohikong kakayahan ng indibidwal at ang interaksyon ng mga ito sa kapaligirang tumutugon sa kanyang mga pangangailangan. Ang pangunahing estruktura ng MST ay nakatuon sa paniniwala ng bawat indibidwal sa kanilang kakayahan, ang papel na ginagampanan ng adhikain ng bawat indibidwal, at ang pagtutok sa mithiin ng bawat indibidwal. Ipinapahiwatig din ng MST na sa bawat kabanata ng buhay ng isang tao, kinakailangang matugunan ang mga sumusunod: a) kailangang bigyan ng kaukulang pagganyak ang tao upang maumpisahan at maipagpatuloy ang mga gawain na nagtatakda ng daan tungo sa pagkamit ng minimithi; b) ang tao ay kailangang mayroong kasanayang kinakailangan upang buuin at ipatupad ang iba't ibang mga gawain na magiging daan upang makamit ang inaasam na resulta; c) ang biyolohikong estruktura ng tao ay dapat na makapagbibigay ng suporta sa pagganyak at kasanayan ng isang tao; at d) ang kapaligiran ay dapat na maging pangunahing tagasuporta sa pagkakamit ng mithiin ng indibidwal (Pinrich at De Groot, 1993:33-40).

Kung pagbabatayan ang MST sa isang akademikong kapaligiran, ang mga mag-aaral na may adhikain na matuto ay nagpupumilit sa paggawa ng mga gawaing kailangan para sa kanilang minimithi sa kabila ng mga suliraning maaaring

maging hadlang sa kanilang pagtatamo. Ang pagpupumilit na matuto ay hindi lahat nagreresulta sa pagtupad sa adhikain subalit ito ay may kaugnayan sa pagganyak na kailangan upang matupad ang adhikain ng isang mag-aaral. Samakatuwid, ang mataas na antas ng pagpupumilit na matuto ay maaaring maging daan upang makamit ang inaaasam na pang-akademikong kakayahan. Sa pag-aaral na ito, may mga salik na maituturing na hadlang sa pagkakamit ng mataas na antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Kung kaya, ang mga guro ay dapat alam ang mga salik na ito upang mabigyan ng solusyon at magkaroon ng mataas na antas ng pagpupumilit sa mga mag-aaral na pag-ibayuhin ang pagkakamit ng kagalingang pang-akademiko (Brown at Inouye, 1998:900-908).

Ang Social Cognitive Theory ni Bandura (1977:191-215) ay ang pangatlong teorya na magsisilbing patnubay sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ipinapanukala ng nasabing teorya na nakakukuha ng mahahalagang impormasyon o kaalaman ang mga tao sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga kaugalian ng ibang tao at sa kanilang mga pananaw. Inihahalo ang mga kognitibo, pansaloobin, at pangkapaligirang salik sa pagtalakay sa pag-uugali ng mga tao. Pinapahalagahan din sa nasabing teorya ang mahalagang papel na ginagampanan ng kognisyon sa kakayahan ng mga tao na bumuo ng reyalidad o katotohanan, tumanggap ng mga kaalaman o impormasyon, at kontrolin ang mga naiisip at

kaugalian. Samakatuwid, ang mga tao ay hindi lamang natututong magbigay ng reaksyon sa bawat pangyayari kundi hinuhubog ng kapaligiran na magkaroon ng kakayahang mag-organisa at mag-kontrol ng kanilang pag-iisip at mga gawi o kilos, at magmuni-muni sa kanilang mga sarili.

Alinsunod sa nabanggit na teorya, ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ay produkto ng kanilang sariling pananaw ng kanilang mga kakayahan. Ang paniniwala, kaugalian, at adhikain ng mga mag-aaral ay bumubuo sa sistema ng kahulugan na nagbibigay katuturan sa kanilang mga pagkatao. Kaugnay nito, makakamit ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng pang-akademikong kakayahan ay ayon sa kanilang paniniwala sa kanilang kakayahan (Mischel, 1973:423).

Ang mga teoryang binanggit sa bahaging ito ay nakatuon sa kahalagahan ng pagganyak upang maabot ang adhikain at paniniwala sa sariling kakayahan na mayroong mahalagang papel tungo sa pagkakamit ng mataas na antas ng pang-akademikong kakayahan. Ang mga teoryang ito ay nagsilbing patnubay sa isinagawang pananaliksik.

## Batayang Konseptwal

Ang Figura 1 ay naglalarawan sa batayang konseptwal ng pag-aaral. Inilalarawan sa iskema ang mga baryet, ang kaugnayan ng bawat baryet, at ang prosesong tinahak sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito.





**Figura 1.** Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

Makikita sa maliit na kahon sa ibabang bahagi ng iskema na ang mga tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020. Ang maliit na kahon na ito ay iniugnay sa isang malaking kahon sa pamamagitan ng isang palasong may paitaas na direksyon. Ang malaking kahon ay naglalaman ng mga baryet ng pag-aaral at ang kaugnayan nito.

Makikita sa malaking kahon, na tinukoy ang mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga aspeto: sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pang-kaisipang salik, sosyal at emosyonal na salik, at estruktural at pampaaralang salik, na nasa isang maliit na kahon sa ibabang kanang bahagi ng malaking kahon. Nilayon din ng kasalukuyang pananaliksik na tayain ang kasalukuyang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang mga marka sa tatlong markahan ng Taong Panuruan 2019-2020, na makikita sa itaas na kanang bahagi ng malaking kahon.

Sa karagdagan, inilarawan ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, bilang ng mga babasahin, uri ng mga babasahin, at saloobin sa

pagbabasa sa Filipino, na makikita sa nag-iisang malaking kahon sa kaliwang bahagi ng iskema.

Samantala, ang korelesyunal na pag-aanalisa, na pinag-uugnay ng mga palaso na nagkokonekta sa mga maliliit na kahon sa loob ng malaking kahon, ay isinagawa upang tukuyin kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet; at sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet.

Sa kabilang dako, ang komparatibong pag-aanalisa ay isinagawa upang matuos kung mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong pagganap sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga profayl baryet; at sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ayon sa kanilang mga profayl baryet.

Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na makikita sa isang maliit na kahon sa itaas ng Figura ay magsisilbing mahalagang implikasyon upang paunlarin ang pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral, na makikita sa putol-putol na bilohabang hugis sa pinakatuktok ng iskema. Ang pagkakamit ng nasabing layunin ay nakasalalay sa mga mekanismo ng fidbak na

makikita sa pamamagitan ng mga putol-putol na linya na nag-uugnay sa mga kalalabasan at implikasyon ng pag-aaral sa ikatlong mataas na kahon, at ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, na makikita sa pinakaibabang maliit na kahon.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang kasalukuyang pananaliksik ay lubhang magiging kapakipakinabang sa mga mag-aaral, mga guro, mga administrador ng paaralan, mga matataas na opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), mga magulang, mga guidance counselors, at mga mananaliksik.

**Sa mga Mag-aaral**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing matibay na pundasyon upang malaman ng mga mag-aaral ang iba’t ibang mga salik na nakaaapekto sa kanilang akademikong kakayahan sa Filipino. Makatutulong ang kaalamang ito sa kanyang pagkatuto sa pamamagitan ng paghahanap ng iba’t ibang pamamaraan upang mabigyang solusyon ang mga salik na ito. Sa kalaunan, ang pag-aaral na ito ay makapagbibigay ng malaking ambag sa mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kanilang pang-akademikong kakayahan sa Filipino.

**Sa mga Guro**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing karagdagang kaalaman ng bawat guro sa Filipino dahil sa pamamagitan nito, sila ay mahihikayat na gumawa ng mga disenyo sa pagtuturo para sa ikaiinam ng kaalaman ng mga

mag-aaral sa Filipino. Magagamit nila ang kinalabasan ng pag-aaral na ito upang makapagtamo ng kaalamang makapagpapaunlad sa kanilang pagtuturo, paggawa ng mga banghay aralin, at pagpapatupad ng malawak ngunit makatotohanang programa sa Filipino na puno ng yumayabong na pangangailangan sa pang-akademikong aspeto ng bawat isang mag-aaral.

**Sa mga Administrador ng Paaralan**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magiging patnubay ng mga administrador ng paaralan na magsagawa ng mga mahahalagang hakbang upang mabigyan ng malalim na pansin ang mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, makapagsasagawa sila ng mga kautusan para sa mga guro na magsagawa ng masusing pag-aanalisa sa mga nasabing salik sa pamamagitan ng paggawa ng mga napapanahong papel.

**Sa mga Matataas na Opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd)**. Ang mga kinalabasan ng pananaliksik na ito ay magiging gabay sa mga pinuno ng DepEd na pagyamanin ang kurikulum ng asignaturang Filipino sa pamamagitan ng pagrebisa sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay makapagbibigay rin ng dagdag na kaalaman para matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino at makagawa ng solusyon para mapadali ang pagtuturo sa nasabing asignatura.

**Sa mga Magulang**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makapagbibigay sa mga magulang ng imahe ng akademikong kakayahan sa Filipino ng kanilang mga anak at kung ano-ano ang mga salik na nakaaapekto rito. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, mabibigyan ng mahalagang impormasyon ang mga magulang hinggil sa edukasyon ng kanilang mga anak. Sa huli, mabibigyan ng pagkakataon ang mga magulang na magsagawa ng mga gawaing makapagpapayabong sa akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na maaaring gawin sa bahay pagkatapos ng klase.

**Sa mga Guidance Counselors**. Ang mga mahahalagang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing matatag na batayan upang magkaroon ng mga programang pang-akademiko kagaya ng pagbibigay ng pagkilala sa mga mag-aaral na nakapagtala ng mataas na antas ng pang-akademikong kakayahan.

**Sa mga Mananaliksik**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magiging patnubay sa mga mananaliksik sa hinaharap na magsagawa ng mga kahalintulad na pananaliksik sangkot ang mga mag-aaral sa ibang baitang at paaralan.

## Saklaw at Delimitasyon

Tinukoy sa pag-aaral na ito ang mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar. Ang pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral ay tinaya

sa pamamagitan ng kanilang marka sa tatlong markahan sa Taong Panuruan 2019-2020. Samantala, ang mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral ay tinukoy batay sa sumusunod na mga aspeto: sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pang-kaisipang salik, sosyal at emosyonal na salik, at istruktural at pampaaralang salik.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng talatanungan at pagsusulit upang malikom ang mga datos sa 293 na mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang.

Sa huli, ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Taong Panuruan 2019-2020.

## Katuturan ng mga Talakay

Ang mga mahahalagang salita sa pananaliksik na ito ay binigyang katuturan sa pamamagitan ng kanilang konseptwal at operasyunal na kahulugan upang mas lalong maunawaan ng mga mambabasa.

**Filipino**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa isang asignatura sa antas sekundarya na naglalayong magamit nang may lalong mataas na antas ng kasanayan at kahusayan ang Wikang Filipino sa akademikong pangangailangan, makilala ang iba't ibang kalikasan at estruktura ng wikang Filipino, mapalawak at mapahalagahan ang kaalaman at kasanayan sa maagham at masining na pakikipagkomunikasyon, at mapaunlad at mapayaman ang kaalaman sa makrong kasanayan (Gabay

Pangkurikulum sa Filipino, 2012:1). Sa pag-aaral na ito ay ginamit batay sa konseptuwal nitong konteksto ngunit tiyak na tumukoy sa Filipino sa Ikapitong Baitang ng antas sekundarya.

**Motivation Systems Theory (MST)**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa Motivational Systems Theory na ipinanukala ni Ford na nakatuon sa indibidwal bilang yunit ng pag-aanalisa, na pinapalibutan ng bayolohikal, sosyal, at pangkapaligirang konteksto na lubhang mahalaga para sa kanyang pag-unlad (Ford, 1992:70). Sa pag-aaral na ito ay tumukoy sa isa sa mga batayang teorya upang maipaliwanag ang mga tiyak na suliranin sa pag-aaral na ito.

**Pang-Akademikong Kakayahan**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa kaalamang nakukuha o kakayahang napapaunlad sa mga asignatura sa paaralan, kadalasang dinisenyo sa pamamagitan ng iskor sa pagsusulit, ng puntos galing sa guro o sa pamamagitan ng pareho (Samoy, 2014:7). Sa pag-aaral na ito ay tumukoy sa kaalamang nakuha sa asignaturang Filipino batay sa marka sa tatlong markahang pagsusulit sa Taong Panuruan 2019-2020 ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Programme for International Student Assessment (PISA)**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa isang internasyunal na progama na layong tayain ang kakayahan sa pagbabasa, Matematika at Agham ng mga mag-aaral na may gulang 15 ng mga bansang kasapi sa Organization for Economic Co-Operation and

Development (OECD) na isinasagawa kada tatlong taon (https://www.oecd.org/pisa/, Marso 10, 2020). Sa pag-aaral na ito ay tumukoy sa kaparehong konteksto kung paano ito binigyan ng konseptwal na pagpapakahulugan.

**Salik**. Ang salitang ito ay nangangahulugan sa anumang pangyayari, pagkakataon na nagdadala ng resulta; at ito ay elemento na bumubuo sa isang bagay kung ano ito (Samoy, 2014:7). Sa pag-aaral na ito ay tumukoy sa mga sosyo-ekonomiko, sikolohikal, sosyal at emosyonal, at struktural na salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot na tinukoy sa pamamagitan ng kanilang mga kasagutan sa talatanungan.

**Sikolohikal o Pangkaisipang Salik**. Ang konseptwal na kahulugan ng salitang ito ay tumutukoy sa mga indibidwal na proseso at mga kahulugan na may impluwensiya sa estado ng pag-iisip ng isang tao (Upton, 2013:422). Sa pag-aaral na ito ay tumukoy bilang isa sa mga aspetong ginamit upang malaman ang epekto nito sa pang-akademikong pagganap sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Sosyal at Emosyunal na Salik**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga salik na nagmumula sa sosyal na kapaligiran at pag-iisip ng indibidwal, pangkat ng indibidwal o pamilya; kabilang sa mga ito ang interaksyon ng bawat miyembro ng pamilya ng isang tao, ang paniniwala ng isang tao sa kanyang

sariling kakayahan, at mga kahalintulad na elemento (https://www.merriam-webster.com, Disyembre 11, 2019). Sa pag-aaral na ito ay tumukoy sa mga salik na likas sa sosyal na kapaligiran at pag-iisip ng mga mag-aaral na ginamit na aspeto upang tuusin ang epekto nito sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Sosyo-Ekonomikong Salik**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pinaghalong mga salik na nagmumula sa sosyal at ekonomikong aspeto ng lipunan, kabilang sa mga ito ay ang estadong pangkabuhayan ng pamilya, antas ng edukasyong natamo ng bawat miyembro ng pamilya, hanapbuhay ng mga miyembro ng pamilya, at iba pang mga elementong may kinalaman sa estadong sosyal at ekonomiko ng isang indibidwal, pangkat ng indibidwal o pamilya (https://www.investopedia.com, Disyembre 11, 2019). Sa pag-aaral na ito ay tumukoy sa pinaghalong salik na nagmumula sa sosyal at ekonomikong aspeto ng mga mag-aaral na ginamit upang tukuyin ang epekto ng mga ito sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na kalahok sa kasalukuyang pag-aaral.

**Estruktural at Pampaaralang Salik**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga bagay o elementong matatagpuan sa mismong akademikong institusyon na maaaring may kinalaman sa pagkatuto ng mga mag-aaral; tinatawag ding institusyunal na mga salik (https://www.sciencedirect.com, Disyembre 11,

2019). Sa pag-aaral na ito ay binigyang kahulugan ayon sa konseptwal na konsepto nito ngunit ginamit bilang aspeto upang alamin ang epekto nito sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

## Kabanata 2

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng isang mayamang pagtalakay hinggil sa mga paksa tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na nirebisa ng mananaliksik mula sa mga aklat, dyornal, peryodiko, at mga lathalain. Ang kabanatang ito ay naglalaman din ng mga talakay sa mga makabuluhang kinalabasan ng mga naunang pananaliksik na may kinalaman sa mga salik na nakaaapekto sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral mula sa mga di-nalathalang materyal kagaya ng mga tesis at disertasyon.

### Kaugnay na mga Literatura

Sa bahaging ito ay tinalakay ang mga ideyang may kinalaman sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na nirebisa upang bigyang linaw ang mga tiyak na suliraning inilahad sa pag-aaral na ito.

Ang pang-akademikong kakayahan ay mayroong mahalagang papel na ginagampanan sa paglikha ng pinakamagandang uri ng mga magsisipagtapos sa isang paaralan na bubuo sa yamang pantao ng isang bansa. Ang pag-usbong ng isang bansa sa sosyal at ekonomikong aspeto ay nakasalalay sa magandang uri ng yamang pantao. Ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-

aaral ay isang makabuluhang indikasyon sa uri ng yamang pantao mayroon ang isang bansa. Ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ay palagiang laman ng mga pananaliksik ng mga iskolar at awtor. Ang karamihan sa mga pananaliksik ukol dito ay nakatuon sa mga salik na nakaaapekto rito kabilang ang mga sikolohikal, ekonomiko, sosyal, personal, at pangkapaligirang salik. Sa kabila ng katotohanang ang mga salik na ito ay may mahalagang kaugnayan sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, ang mga salik ay nagkakaiba-iba sa bawat bansa at sa bawat tao (Al-Rofo, 2010:53-59).

Ang pang-akademikong kakayahan ay tunay na nangangahulugan ng tatlong bagay: kakayahang mapag-aralan at magunita ang mga katotohanan; magkaroon ng kakayahang makapag-aral nang mabisa at malaman kung paanong ang mga katotohanan ay sumasang-ayon sa isa't isa upang mabuo nang mas malawak na huwaran ng kaalaman at isipan ang sarili kaugnay sa mga katotohanang ito; at kakayahang maipahayag ang sariling kaalaman sa pagsasalita man o sa pagsulat man sa papel. Ang mabuting pang-akademikong kakayahan ay nakaugnay din sa pagkakaroon ng mabuting pagsasama-sama ng sariling kakayahan na ang ilan ay ang maayos na lugar para sa gawain at maayos na pamamahala sa oras (Arao, 2013:12).

Ang pang-akademikong kakayahan ay nananatiling tinataya sa pamamagitan ng mga ordinal na iskala kagaya ng General

Weighted Average (GWA) at patuloy na tinatangkilik bilang pinakamahusay na baryet sa pagtataya ng pang-akademikong tagumpay. Ang isang mag-aaral ay kadalasang kinikilala bilang may mataas na akademikong kakayahan, katamtamang akademikong kakayahan, at mababang akademikong kakayahan batay sa kanyang GWA. Sa karagdagan, ang pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay may mahalagang papel na ginagampanan sa paglikha ng pinakamahuhusay na kalidad ng mga magtatapos na magiging mga prominenteng lider at yaman pantao ng bansa para sa ikauunlad ng ekonomiko at sosyal na aspeto nito (Ali et al., 2009:81).

Ang pang-akademikong kakayahan ay kadalasang itinuturing na pinakamabisang sukatan ng kagalingan ng isang mag-aaral sa lahat ng mga asignatura sa antas ng kanyang edukasyon. Ito rin ang ginagamit na pantukoy sa estado sa klase ng isang mag-aaral na nagbibigay ng pagkakataon na paunlarin ang kanyang talento, pataasin ang kanyang mga marka, at paghandaan ang mga darating na pang-akademikong pagsusulit (Pandey, 2010:213).

Mahihinuha sa mga naunang pagtalakay na ang pang-akademikong kakayahan ay kadalasang tinitingnan sa makitid na pananaw bilang isang indibidwal sa pag-uugali na limitado sa maaagang yugto ng buhay. Subalit, ito ay may implikasyon sa lahat ng yugto ng buhay at sa iba’t ibang antas. Sa lebel ng indibidwal, ang mga akademikong paghihirap ay indikasyon ng

mga maliliit na problema sa ugali ng mga mag-aaral at sa dropout, at maaaring mailihis ang mga adhikaing edukasyunal at pangkabuhayan sa hinaharap. Sa lebel ng institusyon, ang mga akademikong suliranin ng mga mag-aaral ay maaaring magdulot ng mga pagkakagulo at masabutahe ang pangkalahatang misyon ng mga paaralan. Sa lebel ng populasyon, ang malawakang pagbagsak sa akademikong aspeto ng mga mag-aaral ay maaaring makaimpluwensiya sa mga elemento ng lipunan kagaya ng insidenteng pagbubuntis, pagkamatay, pag-aasawa, at kawalan ng trabaho dahil sa kaugnayan ng sanligang edukasyon at ang pag-usbong ng yamang pantao (Steinberg et al., 2009:392-397).

Samantala, ang pang-akademikong kakayahan ay may kapanalig na mga kognitibo at hindi kognitibong baryet. Kabilang sa mga kognitibong baryet ay ang mga akademikong marka, iskor sa mga pagsusulit, at eskolastikong iskor ng kakayahan ng mga mag-aaral. Subalit, mayroon ding mga hindi kognitibong salik na mas makabuluhan. Ang mga salik na ito ay tumutukoy sa lahat ng mga baryet maliban sa mga iskor sa pagsusulit ng mga mag-aaral.

Sa karagdagan, ang pang-akademikong kakayahan ay tumutukoy sa pagpapa-unlad sa kasalukuyang estado ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral na mahihinuha mula sa kanilang Grade Point Average (GPA) at sa pagkakabuo ng kanilang mga katauhan at akademikong pag-usbong mula sa pinakamababang

antas ng edukasyon hanggang sa pinakamataas na antas nito (Farkas, 2013:542).

Ang mga dahilan ng agwat sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ay marami at masalimuot, at nagkakaiba-iba sa bawat paaralan, purok, at sangay. Ang mga salik na nakaaapekto sa agwat sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na likas sa mga institusyon mismo ay ang ekspektasyon para sa kakayahan ng mga mag-aaral; kakulangan ng pulidong pundasyon ng mismong kurikulum; malaking klase o maramihang mag-aaral sa isang klase; mababang kaligtasan ng mga mag-aaral; kawalan ng suporta para sa pagkakaiba-iba ng kultura ng mga mag-aaral at lahat ng sangkot sa isang institusyon; at mahinang liderato (http://www.nea.org, Disyembre 11, 2019).

Samantala, ang mga salik na nagmumula sa mga elemento sa labas ng institusyon ay ang: sosyo-ekonomikong oportunidad para sa pamilya ng mga mag-aaral; magkamit ng mga serbisyong pangkalusugan at sosyal; kaligtasan sa komunidad; magkamit ng daan upang makagamit ng mga kagamitan sa mga silid-aklatan, museums, at iba pang institusyong sumusuporta sa pag-unlad ng mga mag-aaral; at magkamit ng daan tungo sa pangangalaga sa mga bata at iba pang mga progama sa labas ng paaralan. Ang mga salik na ito ay nangangailangan ng mas mataas at mas mahalagang pagtalakay ng mga kinauukulan kabilang ang

Kagawaran ng Edukasyon (https://www.ukessays.com, Disyembre 11, 2019).

Sa karagdagan, ang mga salik na nagmumula sa mga guro ay kabilang ang kawalan ng karanasan ng mga guro; pagsasawalang bahala sa pagkakaiba-iba ng kultura ng mga mag-aaral; mababang kalidad ng kahandaan ng mga guro; mababang hinagap ng mga mag-aaral; at kakulangan ng mga kagamitang materyal para sa pagtuturo kabilang ang paggamit sa makabagong teknolohiya. Kabilang din ang mismong pinagmulan ng mga mag-aaral bilang salik ng agwat sa kanilang kakayahan sa klase. Sa katiyakan, ang mga ito ay ang kabuuang buwanang kita ng pamilya, timbang ng mga mag-aaral sa kapanganakan, pagkain at nutrisyon sa bahay ng mga mag-aaral; at ang pangunahing wika sa bahay ng mga mag-aaral (https://www.collegeraptor.com, Disyembre 11, 2019).

Mayroon ding mga salik na nagmumula mismo sa mga mag-aaral kagaya ng kanilang kawilihan sa pag-aaral; lakas at enerhiya na kailangan sa pag-aaral; at ang kanilang pakiramdam na sila ang mismong may obligasyon sa kanilang pag-aaral. Ngunit, ang pinakamahalaga ay ang mga salik na mula sa pamilya ng mga mag-aaral kagaya ng kanilang pakikiisa sa mga gawain sa paaralan; kasanayan sa pagbibigay ng suporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral; at pagbibigay ng mga takdang gawain sa bahay na lalong lilinang sa kakayahan ng mga mag-

aaral. Sa katiyakan, ang pang-akademikong kakayahan ng isang mag-aaral ay maaaring maapektuhan ng mga salik demograpiko kagaya ng kasarian, gulang ng mag-aaral, kita ng mga magulang, salik sosyo-ekonomiko, dulog o metodong gamit ng guro sa pagtuturo, at ang mismong kognitibong kakayahan ng mga mag-aaral (Roorda et al., 2011:493).

Subalit, mayroong mga salik na hindi halata ang epekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Ang isa sa mga ito ay ang tinatawag na academic stress. Ito ay ang pagkakonsume o pagkabalisa sa mga elementong may kinalaman sa pang-akademikong gawain sa paaralan. Sa mas malalim na konsepto nito, ang academic stress ay tumutukoy sa tinatawag na mental distress na may kinalaman sa inaasahan na mauuwi sa pagkabigo na may kaugnayan sa pagbagsak sa mga asignatura sa paaralan o sa kawalan ng alam sa posibilidad ng pagbagsak sa mga asignatura sa paaralan. Ito ay tumutukoy rin sa hinihingi ng pang-akademikong gawain na nagiging sanhi ng pagkapagod o malabis na pangangailangan sa mga materyal sa pag-aaral na higit pa sa kakayahang maintindihan o maarok ng mga mag-aaral (Lal, 2014:123-129).

Ang sariling paniniwala sa kanilang mga kakayahan ng mga mag-aaral ay isa ring tahimik na salik na maaaring may epekto sa kanilang pang-akademikong kakayahan. Ito ay tumutukoy sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang pang-akademikong

kakayahan kompara sa kanilang mga kaklase o iba pang mag-aaral. Ito rin ay nangangahulugan kung paanong iniisip ng isang mag-aaral ang kanilang mga sariling kakayahan. Ang salik na ito ay mayroong mahalagang papel na ginagampanan sa pagpapaunlad ng kakayahang pang-akademiko ng isang mag-aaral sa pamamagitan ng tiwala sa sariling kakayahan (Cokley, 2010:148).

Mahalagang mataya ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral dahil ito ay isang mapanghamong gawain sa mga guro at lahat na may kinalaman sa edukasyon. Ang malaking hamon sa pagtataya ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ay nakasalalay sa katotohanang ito ay produkto ng masalimuot na interaksyon ng mga sosyo-ekonomiko, sosyal, sikolohikal, at pangkapaligirang salik. Mas malaking hamon ang pagtataya ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral dahil sa likas na kayarian ng wikang Filipino na siyang midyum pampagtuturo na gamit dito (Devadoss at Foltz, 2010:499).

Sa kasalukuyang umiiral na K to 12 Kurikulum, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang sa mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. Kaugnay ng mga nabanggit na mithiin,

kailangan ng mga kagamitang panturo ng mga guro bilang suporta sa kurikulum na magmumula sa administrasyon, ahensiyang panlipunan, pamahalaang lokal, midya, tahanan at iba pang sektor ng lipunan. Sa katiyakan, ang Filipino sa baitang-7 ay layong maipamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang rehiyunal upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon (Gabay Pangkurikulum sa Filipino, 2012:2-4).

Dahil sa likas na hamong dala ng kayarian ng wikang Filipino na midyum sa pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino, marapat lamang na galugarin ang mga salik na maaaring makaapekto sa pagtatamo ng mataas na antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Kung kaya, ang mga tinalakay na ideya sa bahaging ito ay nakapagbigay linaw at malalim na pang-unawa kung paano matamo ang kasagutan sa lahat ng iniluhog na tiyak na mga suliranin ng pag-aaral.

**Kaugnay na mga Pag-aaral**

Sa bahaging ito ay tinalakay ang mga mahahalagang kinalabasan ng mga naunang pananaliksik na may kinalaman sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay binigyang katuturan sa pamamagitan ng pagtalakay sa pagkakahalintulad at pagkakaiba nito sa

kasalukuyang pananaliksik upang mas lalong mapalalim ang saklaw ng huli.

Capuno (2019) sa isang pag-aaral na pinamagatang, "Attitudes, Study Habits, and Academic Performance of Junior High School Students in Mathematics", ay nagpahiwatig na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may positibong saloobin sa Matematika sa kahalagahan nito samantala, sila ay may hindi tiyak na saloobin pagdating sa tiwala sa sarili, pagkalugod, at pagganyak sa Matematika. Sa karagdagan, ipinakita rin ng nasabing pag-aaral na mayroong positibong korelasyon sa pagitan ng saloobin at akademikong kakayahan ng mga mag-aaral pagdating sa tiwala sa sarili, pagkalugod, at pagganyak sa Matematika. Mayroong mahinang positibong korelasyon sa pagitan ng kahalagahan ng Matematika at akademikong kakayahan sa nasabing asignatura.

Ang naunang pag-aaral ay may kabuluhan sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong tinalakay ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral at ang mga salik na may epekto rito. Ngunit, ang pag-aaral ni Capuno ay tiyak na tinukoy ang mga saloobin at nakaugalian sa pag-aaral ng mga mag-aaral bilang mga salik na may katuturan sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa isinagawang pananaliksik, iba't ibang mga salik ang tinalakay at hindi lamang ang mga saloobin at nakaugalian sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Sa

karagdagan, nakatuon sa pang-akademikong kakayahan sa Matematika ang naunang pag-aaral samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino.

Orbeta (2019) sa pananaliksik na pinamagatang, "Factors Associated with Students' Performance in English in the Implementation of Spiral Progression", ay nagsabing ang pedagolohika ng wika, kakayanan ng mga mag-aaral, at linggwistikong kapaligiran ay may mahalagang kaugnayan sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa Ingles.

Ang naunang pananaliksik ay magkatulad sa kasalukuyang pananaliksik dahil parehong naglayong tayain ang antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa katunayan, mas binigyang linaw ng naunang pananaliksik ang katuturan ng antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral kung kaya ito ay may pagkakahalintulad sa kasalukuyang pananaliksik. Sa kabila nito, mayroong mga pagkakaiba ang naunang pananaliksik at ang kasalukuyang pananaliksik. Una, ang naunang pag-aaral ay nakatuon sa pang-akademikong kakayahan sa Ingles taliwas sa kasalukuyang pananaliksik na hinggil sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino. Ikalawa, ang naunang pananaliksik ay gumamit ng dulog na spiral progression upang mas maintindihan ang kayarian ng pang-akademikong kakayahan sa Ingles ng mga mag-aaral samantalang

sa kasalukuyang pag-aaral ay nilayong maunawaan lamang ang pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral nang hindi iniisip kung ano ang dulog ng kabuoang kaligiran ng pagtuturo at pagkatuto.

Basri (2018) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "ICT Adoption Impact on Students' Academic Performance: Evidence from Saudi Universities". Napag-alaman sa nasabing pag-aaral na mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pagtangkilik at paggamit ng ICT at ang akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa isang konserbatibong kapaligiran. Sa karagdagan, napag-alaman din na tumaas ang antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga babaeng mag-aaral sa pagtangkilik o paggamit ng ICT kaysa sa mga lalaking mag-aaral. Subalit, ang IT na kurso ng mga mag-aaral ay walang naging mahalagang epekto sa kanilang pang-akademikong kakayahan.

Mahalaga ang naunang pananaliksik sa pagtaguyod sa kasalukuyang pananaliksik dahil parehong nakatuon sa pagtukoy sa mga salik na may kaugnayan sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinahiwatig sa naunang pananaliksik na ang pagtangkilik o paggamit ng ICT ay isang mahalagang salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa puntong ito, may pagkakapareho ang dalawang pag-aaral. Subalit, ang naunang pag-aaral ay mas tiyak na tinukoy ang

pagtangkilik o paggamit ng ICT bilang salik sa pagpapa-unlad ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Samantala, sa ginawang pag-aaral, tinaya ang iba't ibang mga salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino. Sa karagdagan, ang naunang pag-aaral ay kinalap ang mga pangyayari sa epekto ng pagtangkilik o paggamit ng ICT sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang mga pamantasan sa isang banyagang lugar. Sa kabilang banda, ang isinagawang pag-aaral ay nakatuon lamang sa isang paaralan sa antas sekundarya, ang Pambansang Paaralan ng Samar.

El-Omari (2016) sa pananaliksik na pinamagatang, "Factors Affecting Students' Achievement in English Language Learning Association", ay nagpahayag na ang mga salik kagaya ng saloobin, sosyal, ekonomiko, at extracurricular na mga gawain ay pinaniniwalaang nakaaapekto sa antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, napag-alamang mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga salik at ang akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa Ingles bilang wika.

Ang kabuluhan ng naunang pag-aaral sa ginawang pananaliksik ay nakatuon sa primaryang baryet na pinag-aaralan, ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, parehong nagbigay pansin sa mga salik na

nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Subalit, ang naunang pag-aaral ay nakatuon sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ng Ingles bilang wika samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino bilang isang asignatura.

Lasaten (2016) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "English Language Proficiency and Academic Performance of Philippine Science High School Students". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang karamihan sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Philippine Science High School sa Kanlurang Luzon ay may kasanayan sa wikang Ingles na isinalarawan bilang satisfactory. Sa karagdagan, karamihan sa mga mag-aaral ay may akademikong kakayahan sa Agham at Matematika na nasa very good na antas at good sa Ingles. Sa huli, napag-alaman sa pag-aaral na mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa wikang Ingles ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong kakayahan sa bawat asignaturang nabanggit.

Mahihinuha ang pagkakahalintulad ng dalawang pag-aaral sa pamamagitan ng pagtuon sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Subalit, ang naunang pag-aaral ay nakatuon sa tiyak na salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, ang kasanayan sa wikang Ingles. Samantala, sa

pag-aaral na ginawa, ang tuon ay sa iba't ibang salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, ang naunang pananaliksik ay tinaya ang pang-akademikong kakayahan sa Agham, Matematika at Ingles ng mga mag-aaral taliwas sa kasalukuyang pag-aaral na tinaya ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino bilang asignatura. Higit sa lahat, ang naunang pag-aaral ay sangkot ang mga mag-aaral sa Philippine Science High School samantalang ang isinagawang pag-aaral ay sangkot ang mga mag-aaral sa isang regular na paaralang sekundarya, ang Pambansang Paaralan ng Samar.

Flores (2016) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Akademikong Performans ng mga Piling Mag-aaral sa Special Program in Sports sa Pambansang Mataas na Paaralan ng La Union Taong Panuruan 2014-2015". Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, ang estado ng pang-akademikong performans ng mga mag-aaral sa Special Program in Sports (SPS) bilang isang atleta, anim na porsyento ang sumagot na sila ay bumabagsak dahil maliban sa laging wala sa klase ay wala pa silang natutunan; 15 porsyento naman ang nagsabing mababa ang kanilang marka dahil nahihirapang pagsabayin ang pag-aaral at paglalaro; 48 porsyento ang nagsabing sakto lamang ang grado nila dahil binibigyang konsiderasyon ang pagiging atleta nila at 30 porsyento naman ang nagsabing mataas ang marka nila

dahil nababalanse nila ang oras nila sa akademik man o isport.

Mahalagang banggitin ang naunang pananaliksik ni Flores sa ginawang pag-aaral dahil sa pagkakahalintulad nila sa aspetong pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Subalit, maraming pagkakaiba ang namagitan sa naunang pag-aaral at ang ginawang pananaliksik. Una, ang pananaliksik ni Flores ay nakatuon sa mga piling mag-aaral na nakatala sa Special Program sa Sports samantalang ang ginawang pananaliksik ay nakatuon sa mga mag-aaral sa K to 12 na Kurikulum. Ikalawa, tanging ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ang pinagtuunan ng pansin ng naunang mananaliksik, subalit, hindi na inalam ang mga salik na nakaapekto rito maliban sa pagiging atleta ng karamihan sa mga mag-aaral sa SPS. Sa isinagawang pananaliksik, pinagtuunan ng pansin ang iba't ibang mga salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral.

Al-Zoubi (2015) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Low Academic Achievement: Causes and Results". Napag-alaman sa pag-aaral na mayroong mga pang-akademikong kahinaan ang mga mag-aaral. Sa katunayan, mayroong mga salik na nakaaapekto sa mababang antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, kabilang ang paggamit ng mga tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo kaysa sa mga modernong

pamamaraan, at ang hindi mabuting relasyon sa pagitan ng mga guro at mga mag-aaral na lumilikha ng isang kapaligiran na kulang sa respeto at nauuwi sa kawalan ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa buong proseso ng pagkatuto. Sa karagdagan, napag-alaman sa pag-aaral na kailangang matukoy ang tunay na dahilan sa pagbagsak ng mga mag-aaral sa kanilang pang-akademikong kakayahan, ang pagsasagawa ng isang klaro at tiyak na plano at alituntunin sa pagtatamo ng isang matagumpay na pang-akademikong kakayahan, at ang hindi pagsasawalang bahala sa kakayahan ng bawat isang mag-aaral.

Nakatuon sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ang naunang pananaliksik kung kaya ito ay lubhang napakahalaga sa ginawang pananaliksik na may kaparehong tema, subalit, mas tiyak na tinukoy ng nasabing pananaliksik ang mababang antas ng pang-akademikong kakayahan kaysa sa huli na tumukoy sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino sa pangkalahatan. Sa karagdagan, ang naunang pananaliksik ay nagbigay pansin din sa mga naging resulta ng mababang antas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral kaysa sa kasalukuyang pananaliksik na hindi na nagbigay ng kaparehong tuon sa nasabing aspeto. Sa kabila ng mga nabanggit na pagkakaiba ng dalawang pag-aaral, binanggit ang naunang pananaliksik sa kasalukuyang pananaliksik dahil ito ay nagbigay ng mas malalim na pagtalakay hinggil sa mga salik na

nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na tagasagot.

Andaya (2014) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Factors that Affect Mathematics Achievement of Students of Philippine Normal University-Isabela Campus". Ipinapahiwatig ng pag-aaral na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang mga asignaturang Matematika (Fundamental Mathematics and Contemporary Mathematics) ay mababa; ang mga mag-aaral ay may mababang kakayahan sa parehong asignatura; ang kakayahan sa asignaturang Matematika ay may mataas na kaugnayan sa mga indibidwal at instruksyonal na salik at katamtamang kaugnayan sa pamamahala ng klase (classroom management) at mga salik sa ebalwasyon (evaluation factors); ang mga indibidwal at instruksyonal na salik ay lubhang nakaaapekto sa akademikong kakayahan sa Fundamental Mathematics; ang mga salik instruksyonal ay ang pinakaunang may kinalaman sa akademikong kakayahan sa Contemporary Mathematics; at ang mga instruksyonal na salik ay ang mga salik na may pinakamahalagang epekto sa akademikong kakayahan sa Matematika ng mga mag-aaral.

Ang naunang pananaliksik ni Andaya ay mayroong pagkakahalintulad sa pag-aaral na ginawa. Una, parehong nakatuon sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Ikalawa, parehong naglayong alamin ang mga salik na

nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa kabila ng mga nabanggit na pagkakahalintulad, ang dalawang pananaliksik ay magkaiba sa dalawang aspeto. Una, ang naunang pananaliksik ni Andaya ay nagbigay pansin sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa Matematika samantalang ang ginawang pananaliksik ay sa asignaturang Filipino. Ikalawa, ang naunang pananaliksik ni Andaya ay sangkot ang mga mag-aaral sa antas tersyarya samantala, ang ginawang pananaliksik ay sangkot ang mga mag-aaral sa antas sekundarya.

Magpily (2011) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Non-Cognitive Factors Affecting the Academic Performance of Fourth Year College Students of a Private College in Manila". Ipinapahayag ng nasabing pananaliksik na ang palagiang pahinga sa oras ng pag-aaral, regular na pagkain ng hapunan, pagsali sa mga extracurricular na gawain sa paaralan, pagpupursigi sa antas ng pag-eehersisyo, at ang pagsasaayos ng mga gawain tuwing linggo ay maaaring makapagpatalas sa antas ng akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Mayroong positibong kaugnayan sa pagitan ng regular na pagkain ng hapunan at ang akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa kolehiyo.

Mahihinuha sa naunang pananaliksik na nakatuon lamang ito sa mga hindi kognitibong salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Samantala, ang

isinagawang pananaliksik ay nakatuon sa iba't ibang mga salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, maging ang mga ito ay kognitibo at hindi kognitibo. Sa kabila ng nasabing pagkakaiba ng dalawang pag-aaral, binanggit ito sa ginawang pananaliksik dahil parehong nilayong alamin ang mga elementong may kinalaman sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, parehong binigyang pansin ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral.

Aguirre (2011) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Kaugnayan ng Study Habits ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Edukasyon tungo sa Akademikong Performans sa Pamantayan ng Xavier, Taon 2010-2011". Napag-alaman na ang mahigit sa kalahati ng mga mag-aaral ay ini-rate ang kanilang time management mula mahusay hanggang kasiya-kasiya; sa learning skills, lahat ng mga respondente ay may sagot sa pagitan ng mabuti at mahusay; karamihan sa kanila ay may mahusay na study environment; sa akademik perpormans, lahat ng mga respondente ay may mabuting perpormans sa SY 2009-2010; may direktang relasyon sa pagitan ng time management skills at sa akademikong kakayahan o QPI; at ang pagkakaroon ng magandang kasanayan sa pagkatuto ang nagpapataas ng QPI ng mga mag-aaral. Napag-alaman din sa pag-aaral na ang study environment ay nag-aambag sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa huli, inilalahad nito na may mga salik na

nakakaimpluwensiya sa kakayahan ng dalawang magkasunod na semestre. Ang time management, learning skills at study environment ay may bahagyang positibong ugnayan sa akademikong kakayahan kung saan nailalagom ng lahat ng baryabol hinggil sa nakasanayang pag-aaral ay nakakaapekto sa pangkalahatang kakayahan ng mga magaaral.

Ang naunang pag-aaral ay makabuluhan sa ginawang pananaliksik dahil parehong tuwirang inalam ang mga salik na maaaring may kaugnayan sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Subalit, mas tiyak na tinukoy ang salik na nakasanayang pag-aaral na may direktang kaugnayan sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa unang pag-aaral. Samantala, sa kasalukuyang pananaliksik, tinukoy ang iba't ibang mga salik sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, hindi lamang ang kanilang mga nakaugaliang pag-aaral. Sa karagdagan, ang naunang pananaliksik ay malawak na tinaya ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral gamit ang isang instrumentong QPI taliwas sa ginawang pag-aaral na tinaya ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino lamang.

Ang mga nabanggit na pag-aaral ay may pagkakahalintulad sa pag-aaral na ginawa sa pamamagitan ng tuon at iba pang mga aspeto nito. Subalit, mayroon ding mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pag-aaral, lalo na sa metodolohiyang ginamit. Sa

kabila nito, ang mga naunang pananalisik ay nagbigay ng mas malalim na pananaw upang lubos na maintindihan ang suliraning inilahad ng ginawang pananaliksik.

## Kabanata 3

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga pagtalakay hinggil sa mga metodolohiyang ginamit sa pagtaya ng mga datos ng pag-aaral. Kabilang sa mga tinalakay sa kabanatang ito ang disenyo ng pananaliksik, lokal ng pag-aaral, instrumentasyon, balidasyon ng instrumento, pamamaraang sampling, paglikom ng mga datos, at paglalapat estadistika.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pananaliksik na ito ang deskriptibong uri ng pananaliksik na may korelesyunal at komparatibong pag-aanalisa upang tukuyin ang mga salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar.

Ang deskriptibong uri ng pananaliksik ay ginamit upang ilarawan ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, uri ng mga babasahin, bilang nga mga babasahin, at saloobin sa pagbabasa sa Filipino. Tinukoy rin ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang mga marka sa tatlong markahan ng Taong Panuruan 2019-2020. Sa karagdagan, tinukoy ang mga

salik na nakaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pang-kaisipang salik, sosyal at emosyonal na salik, at istruktural at pampaaralang salik gamit ang deskriptibong uri ng pananaliksik.

Ang korelesyunal na pag-aanalisa ay isinagawa sa pagtaya kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet; at sa pagitan ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga salik na nakaaapekto rito. Samantala, isinagawa ang komparatibong pag-aanalisa upang mataya kung mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga profayl baryet.

Ang mga estadistikang panukat na ginamit upang mataya ang mga datos ay Dalas ng Bilang o Frequency Count, Bahagdan o Percentage, Tamtaman o Mean, Standard Deviation, Weighted Mean, One-Way Analysis of Variance (ANOVA), Pearson’s Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson’s r), Fisher’s t-Test.

**Lokal ng Pag-aaral**

Ang Figura 2 ay nagpapakita ng lokal ng pag-aaral, ang Pambansang Paaralan ng Samar, Lungsod ng Catbalogan.





**Figura 2.** Ang Mapa na Nagpapakita ng Lokal ng Pag-aaral

Ang Pambansang Paaralan ng Samar ay siyang itinuturing na ina ng mga pansekundaryang paaralan ng Lalawigan ng Samar sa ilalim ng Dibisyon ng Lungsod ng Catbalogan na naitatag noong 1904. Nagsimula ang pormal na pagkaklase noong Enero 1904. Apat na guro ang itinalaga sa Pansekondaryang Paaralan ng Samar mula 17 mga gurong Amerikano na dumating sa Samar.

Kasama si G. Fredrick W. Abbot bilang pansamantalang punong-guro, may anim na guro sa pamamahala nito. Noong 1915, itinayo ang gusaling may 14 na silid-aralan gamit ang pondong lokal. Ang gusali ng Pansekondaryang Paaralan ng Samar ay pinasinayaan noong 1917 sa panahon ng pamamahala ni Gobernador Clodualdo Lucero. Sa panahon ng pagpapasinaya sa gusaling paaralan, pinangalanan ito ng Pansekondaryang Paaralan ng Catbalogan at sa huli ito ay pinangalanan na Pansekondaryang Paaralan ng Samar.

Noong Disyembre 8, 1941, ang Pansekondaryang Paaralan ng Samar ay isinara dahil sa pagputok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pagkatapos ng digmaan, ang Kagawaran ng Edukasyon ay muling binuksan ang lahat ng mga paaralan sa buong Pilipinas noong taong 1945 kasama ang Pansekondaryang Paaralan ng Samar.

Noong Hunyo 19, 1964, si Kongresista Fernando Veloso ng Batas Republika Blg 439 sa ilalim ng Ikalimang Pagpupulong ng Kongreso ng buong Republika ng Pilipinas na naipasa ang

pagbabago ng Pansekondaryang Paaralan ng Samar sa kasalukuyan nitong pagka Pambansang Paaralang katayuan na kinilalang Pambansang Paaralan ng Samar na naging unang paaralan ng edukasyong pansekondarya ng Samar.

Sa pamumuno ng mga nakaraang punong-guro ng Pambansang Paaralan ng Samar, kapakanan ng paaralan na maging paaralang may kahusayan sa edukasyon, kung saan ang teknolohiyang ginagamit ay napakahusay na magtataguyod ng masteri sa nilalaman at kalugud-lugod na mga pagpapahalaga kabilang ang mga administrador, mga guro, at mga mag-aaral na tutugon sa mga pangangailangan ng lipunan. Gayon din nangangakong itataas ang kalidad ng buhay na ipagkakaloob ng edukasyon na ang layunin na malinang ang mga kakayahang pisikal, mental at ispiritwal ng mga mag-aaral, ipagkaloob sa kanila ang mga karanasan sa demokratikong paraan ng buhay at isaisip ang kinakailangan, matapat, produktibo at makabayang mamamayan na may paninindigan sa mga pangangailangan ng komunidad at ng bansa.

## Instrumentasyon

Ang kasalukuyang pananaliksik ay gumamit ng talatanungan bilang instrumento sa pagkalap ng mga datos.

**Talatanungan**. Ang talatanungan ay ang instrumentong ginamit sa paglikom ng mga datos sa isinagawang pag-aaral. Ito ay binuo ng tatlong mahahalagang bahagi.

Ang unang bahagi ay pinaghalong kakailanganin na uri ng mga katanungan at tseklist hinggil sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, uri ng mga babasahin, at bilang ng mga babasahin. Kabilang din sa bahaging ito ang aytem tungkol sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pamamagitan ng kanilang mga marka sa tatlong markahang pagsusulit sa Taong Panuruan 2019-2020. Sa bahaging ito, binigyan ng panuto ang mga mag-aaral na punan ang mga puwang ng hinihinging impormasyon at/o lagyan ng tsek na marka ang mga puwang ng kanilang kasagutan.

Ang ikalawang bahagi ay isang tseklist na binuo ng 10 mga pangungusap na nagpapahiwatig sa mga saloobin hinggil sa pagbabasa sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot. Sa bahaging ito, inatasan ang mga mag-aaral na tagasagot na lagyan ng tsek na marka ang kolum sa talahanayan na akma sa kanilang mga pananaw gamit ang limang puntong iskala: 5 para sa Lubos na Sumasang-ayon, 4 para sa Sumasang-ayon, 3 para sa Hindi Sigurado, 2 para sa Hindi Sumasang-ayon, at 1 para sa Lubos na Hindi Sumasang-ayon.

Ang ikatlong bahagi ay isang tseklist na binuo ng 40 pangungusap hinggil sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa

Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga aspeto: sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pang-kaisipang salik, sosyal at emosyonal na salik, at istruktural at pampaaralang salik. Sa bahaging ito, inatasan ang mga mag-aaral na tagasagot na lagyan ng tsek na marka ang kolum sa talahanayan na akma sa kanilang mga pananaw gamit ang limang puntong iskala: 5 para sa Lubos na Nakaaapekto, 4 para sa Nakaaapekto, 3 para sa Katamtamang Nakaaapekto, 2 para sa Hindi Gaanong Nakaaapekto, at 1 para sa Hindi Nakaaapekto.

**Balidasyon ng Instrumento**

Ang talatanungan ay hindi sumailalim sa balidasyon dahil ang mga indikeytor sa ikalawa at ikatlong bahagi ay kinuha mula sa mga standard na pinagkunan. Ang mga indikeytor sa saloobin hinggil sa pagbabasa sa Filipino ay kinuha mula sa pag-aaral ni Ada (2018) at ang mga indikeytor hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ay kinuha mula sa pag-aaral ni Viernes (2014).

**Pamamaraang Sampling**

Ang mga tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020. Upang tiyakin ang tamang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot, ang Slovin’s formula ay ginamit (Pagoso et al., 1979:135):

$$n = \frac{N}{1 + Ne^2}$$

kung saan:

n - sample size;

N - total population;

1 - constant; and

e - margin of error.

Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na nakatala sa ikapitong baitang sa kasalukuyang panuruan ay tinaya sa 1,094. Sa kabuuang bilang na ito, ang sample size ay tinuos sa 293.

Pagkatapos na mataya ang sample size, ang bawat indibidwal na mag-aaral na tagasagot ay pinili gamit ang stratified random sampling with replacement gamit ang kanilang mga pangkat bilang stratum. Ang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot sa bawat pangkat ay makikita sa Talahanayan 1.

Makikita sa talahanayan na ang dami ng mga mag-aaral na tagasagot ay ayon sa dami ng mga mag-aaral na nakatala sa bawat pangkat. Halimbawa, sa Pangkat 1, ang mga nakatalang mag-aaral ay nasa 41 kung kaya 11 ang mga mag-aaral na ginawang tagasagot sa pag-aaral na ito. Sa kabilang dako, ang Pangkat 3 na may 37 mag-aaral na nakatala ay kinunan ng 10 mag-aaral bilang tagasagot.

**Talahanayan 1**

**Ang mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Pangkat | Kabuuang Bilang | Sample |
|---|---|---|
| Pangkat 1 | 41 | 11 |
| Pangkat 2 | 40 | 11 |
| Pangkat 3 | 37 | 10 |
| Pangkat 4 | 38 | 10 |
| Pangkat 5 | 46 | 12 |
| Pangkat 6 | 39 | 10 |
| Pangkat 8 | 42 | 11 |
| Pangkat 9 | 40 | 11 |
| Pangkat 10 | 39 | 10 |
| Pangkat 11 | 36 | 10 |
| Pangkat 12 | 35 | 9 |
| Pangkat 13 | 39 | 10 |
| Pangkat 14 | 34 | 9 |
| Pangkat 15 | 38 | 10 |
| Pangkat 16 | 38 | 10 |
| Pangkat 17 | 41 | 11 |
| Pangkat 18 | 43 | 12 |
| Pangkat 19 | 41 | 11 |
| Pangkat 20 | 41 | 11 |
| Pangkat 21 | 40 | 11 |
| Pangkat 22 | 35 | 9 |
| Pangkat 23 | 38 | 10 |
| Pangkat 24 | 34 | 9 |
| Pangkat 25 | 47 | 13 |
| Pangkat 26 | 48 | 13 |
| Pangkat 27 | 23 | 6 |
| Pangkat 28 | 37 | 10 |
| Pangkat 29 | 37 | 10 |
| Pangkat 30 | 7 | 2 |
| Pangkat 31 | 1 | 1 |
| **Kabuuan** | **1094** | **293** |

Pagkatapos na matukoy ang tamang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot sa bawat pangkat, ang lottery method ang paraang ginamit upang matukoy ang tiyak na mag-aaral na tagasagot sa bawat pangkat. Sa paraang ito, lahat ng mga pangalan ng mga mag-aaral na nakatala sa kasalukuyang panuruan ay isa-isang isinulat sa binilot na papel at inilagay sa fishbowl at binola

hanggang sa makuha ang tamang bilang ng mga tagasagot. Ang mga pangalan ng mga mag-aaral na nabunot ang siyang nagsilbing tagasagot at siyang binigyan ng talatanungan.

**Paglikom ng mga Datos**

Ang paglikom ng mga datos ay isinagawa sa pamamagitan ng pagmumudmod ng mga talatanungan sa mga mag-aaral na tagasagot pagkatapos makahingi ng karampatang pahintulot sa mga kinauukulan sa Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Catbalogan, at sa mismong paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

Isang liham paghingi ng pahintulot ang ginawa at isinumite sa Pansangay na Tagapamahala ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan upang maisagawa ang kasalukuyang pag-aaral sa Pambansang Paaralan ng Samar. Kasabay nito, isang liham paghingi ng pahintulot ang ginawa at isinumite sa Pampurok na Tagamasid ng Purok ng Catbalogan VI upang maisagawa ang pananaliksik sa Pambansang Paaralan ng Samar na nabibilang sa nasabing purok. Sa huli, nagsagawa ng isang liham paghingi ng pahintulot sa Punong Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar upang maisagawa ang pagmumudmod ng mga talatanungan sa mga mag-aaral na tagasagot.

Ang talatanungan ay personal na ipinamudmod ng mananaliksik upang siguruhin ang 100 bahagdang paglikom ng mga ito. Sa tulong ng mga tagapayo ng bawat klase, isinagawa ang pagmumudmod sa oras na nakatalaga sa asignaturang

Filipino ng mga mag-aaral upang siguruhin na ang lahat ng mga napiling mag-aaral na tagasagot ay nasa loob ng klase. Kasabay nito, sinuri din ng mananaliksik ang marka sa tatlong markahang pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa Class Record ng mga tagapayo ng bawat pangkat na kinabilangan nila.

Inisa-isa ang pagmumudmod ng mga talatanungan sa bawat napiling mag-aaral sa tulong na rin ng mga tagapayo ng bawat klase sa Filipino. Walang ibinigay na takdang oras upang magkaroon ng sapat na panahon ang pagsagot nang buong laya. Pagkatapos na kolektahin ang mga talatanungan, isinaayos, sinuri, at itinala ang mga datos para sa paglalapat estadistika.

Isinagawa ang paglikom ng mga datos mula Enero hanggang Pebrero 2020.

**Paglalapat Estadistika ng mga Datos**

Ang sumusunod na mga piling deskriptibo at inferential na estadistikang panukat ay ginamit upang mabigyan ng karampatang pagtutuos ang mga datos ng isinagawang pag-aaral: Dalas ng Bilang o Frequency Count, Bahagdan o Percentage, Tamtaman o Mean, Standard Deviation, Weighted Mean, One-Way Analysis of Variance (ANOVA), Pearson’s Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson’s r), at Fisher’s t-Test.

**Dalas ng Bilang o Frequency Count**. Ang dalas ng bilang o frequency count ay ang estadistikang panukat na ginamit sa

pagtalakay ng mga datos personal ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa dalas ng bilang. Ito ang ginamit upang matiyak ang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, uri ng mga babasahin, at bilang ng mga babasahin.

**Bahagdan o Percentage**. Ang bahagdan ay ang estadistikang panukat na ginamit sa pagtalakay sa bigat ng bilang ng mga datos personal ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kabuuang bilang nito. Kabilang sa mga datos na ginamitan nito ay ang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang uri ng mga babasahin, at bilang ng mga babasahin.

Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:35):

$$P = f/N \times 100$$

kung saan:

P = ang natasang bahagdan;

F = dalas ng bilang ng kategorya ng personal na datos

N = kabuuang bilang ng tagasagot.

**Tamtaman o Mean**. Ang estadistikang ito ay ginamit upang maibigay ang kwantitatibong paglalahad sa pangkalahatang gawi o pagkahilig ng mga datos tulad ng gulang, at marka sa

Filipino sa tatlong markahang pagsusulit ng mga mag-aaral bilang indikasyon ng kanilang pang-akademikong kakayahan sa Filipino.

Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:35):

$$\mu = \frac{\sum X}{N}$$

Where:

$\bar{\mu}$ = ang natayang mean;

X = ang valyu ng nasumpungang varyabol; and

N = ang kabuuang bilang ng sampol.

**Standard Deviation**. Ginamit ang estadistikang ito upang matiyak ang dispersyon ng mga datos mula sa tamtaman tulad ng gulang, at iba pa. Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:52):

$$\sigma = \sqrt{\frac{1}{N}\sum_{i=1}^{N}(x_i - \mu)^2}$$

kung saan: Ơ ay ang natayang standard deviation;

$x_1 - \mu^2$ ang squared deviation sa pagitan ng score ng categorical value at ang mean; at

N ay ang kabuuang bilang ng sampol.

**Weighted Mean**. Ang estadistikang ito ay ginamit sa pagtataya ng mga saloobin hinggil sa pagbabasa sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot, at ng kanilang mga pananaw hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa

Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pang-kaisipang salik, sosyal at emosyonal na salik, at struktural at pampaaralang salik ayon sa limang puntos ng iskalang Likert gamit ang sumusunod na pormula (Freud at Simon, 1992:35):

$$\mu_w = \frac{\sum f_i W_i}{N}$$

kung saan: $\mu_w$ = ay ang natayang weighted mean;

f = ang dalas ng bilang ng nasumpungang kategorya;

W = ang assigned weight ayon sa iskalang Likert na limang puntos; at

N = ang kabuuang bilang ng sampol

Sa pagkakahulugan ng valyu ng weighted mean ang sumusunod ay ang guide:

| | | |
|---|---|---|
| 4.50 – 5.00 | Lubos na Nakaaapekto | (LN) |
| 3.50 – 4.49 | Nakaaapekto | (N) |
| 2.50 – 3.49 | Katamtamang Nakaaapekto | (KN) |
| 1.50 – 2.49 | Hindi Gaanong Nakaaapekto | (HGN) |
| 1.00 – 1.49 | Hindi Nakaaapekto | (HN) |

**One-way ANOVA**. Ang estadistikang ito ay ginamit upang matukoy kung may mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong pagganap sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga profayl baryet; at sa pananaw

ng mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ayon sa kanilang mga profayl baryet. Ang sumusunod na talahanayang pangtaya ay gagamitin dito (Walpole, 1992:387):

| **Source of Variation** | **Sum of Squares (SS)** | **df** | **Mean Squares (MS)** | **F-value** |
|---|---|---|---|---|
| Sa Pagitan | $\Sigma \frac{T_i^2}{n_i} - C$ | K – 1 | $\frac{SS_{between}}{df_{between}}$ | $\frac{MS_{between}}{MS_{within}}$ |
| Sa Loob | $SS_{total} - SS_{between}$ | N – K | $\frac{SS_{within}}{df_{within}}$ | |
| Kabuuan | $\Sigma X^2 - C$ | N – 1 | | |

kung saan: C (Correction Factor) = $\frac{(\Sigma X)^2}{N}$

**Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation**. Ginamit ang Pearson's r sa pagtukoy ng kaugnayan sa pagitan ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet; at sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet (Freud and Simon, 1992:35):

$$r_{xy} = \frac{N\Sigma xy - (\Sigma x)(\Sigma y)}{\sqrt{[N\Sigma x^2 - (\Sigma x)^2][N\Sigma y^2 - (\Sigma y)^2]}}$$

Kung saan: r = the computed statistical value

x = the independent variables (factors)

y = the predicted variable

N = the number of cases

∑ = the summation notation

Ang degri ng korelasyon ay binigyang interpretasyon batay sa Talahanayan ng Degri ng Linear Relationship na minungkahi ng SRTC (2003:104):

**Fisher's t-Test**. Ginamit ang estadistikang ito upang masubok ang halaga ng nakuhang Pearson r. Ang pormulang gagamitin ay (Best and Khan, 1998: 402-403):

$$t = r\sqrt{\frac{N-2}{1-r^2}}$$

Where: t ay tumutukoy sa natuos na Fisher's t;

r ay tumutukoy sa halaga ng Pearson r; at

N ay tumutukoy sa bilang ng paired na sampol

Ang mga epotesis ay sinubok sa .05 antas ng halaga bilang guide sa region ng pagtanggap o pagtanggi.

**Talahanayan 2**

**Degri ng Linear Relationship**

| Coefficient of Linear Association | Interpretation |
|---|---|
| 0 | No linear association |
| $0 < p < \pm 0.2$ | Very weak linear association |
| $\pm 0.2 \leq p < \pm 0.4$ | Weak linear association |
| $\pm 0.4 \leq p < \pm 0.6$ | Moderate linear association |
| $\pm 0.6 \leq p < \pm 0.8$ | Strong linear association |
| $\pm 0.8 \leq p < \pm 1.0$ | Very strong linear association |
| $\pm 1.0$ | Perfect linear association |

Sa pagtiyak kung ang epotesis ay tatanggapin o tatanggihan ang sumusunod na decision rule ay ang ginawang batayan: tinanggap ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga o ang p-valyu ay mas mataas kaysa .05 at tinanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay kaparehas o mas mataas pa kaysa kritikal na halaga o ang p-valyu ay kaparehas o mas mababa kaysa .05.

## Kabanata 4

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay ang paglalahad, pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap sa pag-aaral na ito. Kalakip dito ay ang sumusunod: ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, ang kasalukuyang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot, pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga profayl baryet, kaugnayan sa pagitan ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang bawat isa sa kanilang mga profayl baryet, mga salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot, kaugnayan sa pagitan ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga salik na nakaaapekto rito at ang mahalagang implikasyon na nakuha mula sa kalalabasan ng pag-aaral.

### <u>Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot</u>

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, bilang

ng mga babasahin, uri ng mga babasahin at saloobin sa pagbabasa sa Filipino.

**Gulang at Kasarian**. Ang Talahanayan 3 ay naghahayag ng gulang at kasarian ng mga mag-aaral na tagasagot.

Mababatid mula sa talahanayan na ang pinakamatandang mag-aaral na tagasagot ay may gulang na 16 na taon samantala ang pinakabata ay may gulang na 11 taon. May ilan sa kanila ay nasa 12 taong gulang na binubuo ng 136 o 46.26 bahagdan, ang 132 naman o 44.90 bahagdan ay nasa 13 taon gulang at ang iba ay nababahagi sa iba pang taon gulang na kasangkot dito.

**Talahanayan 3**

**Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Gulang | Kasarian | | Kabuuang Bilang | % |
|---|---|---|---|---|
| | Lalaki | Babae | | |
| 16 | 1 | 0 | 1 | 0.34 |
| 15 | 2 | 3 | 5 | 1.70 |
| 14 | 6 | 9 | 15 | 5.10 |
| 13 | 74 | 58 | 132 | 44.90 |
| 12 | 58 | 78 | 136 | 46.26 |
| 11 | 2 | 3 | 5 | 1.70 |
| **Kabuuan** | **143** | **151** | **294** | **100.00** |
| **%** | **48.60** | **51.40** | **100.00** | |
| **Tamtaman** | **17.60 taon gulang** | | | |
| **S. D.** | **0.72 taon** | | | |

Ang tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 17.60 taon gulang na may estandard na kaibhan na 0.72 taon lamang. Ang datos na ito ay naghahayag na ang mga mag-aaral na kasangkot ay nasa tamang gulang na angkop sa pinapasukan nilang lebel ng pag-aaral.

Sa karagdagan, karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mga babae na binubuo ng 151 o 51.40 bahagdan. Ang mga kalalakihan ay binubuo ng 143 o 48.60 bahagdan lamang. Ito ay nagpapahiwatig na karamihan ng mga lumahok sa pangangalap ng mga datos ay mga babae na ibig sabihin mas karamihan sa kanila ang nag-aaral na pinatutunayan sa listahan ng mga mag-aaral kung saan mga babae ang karamihan sa kanila.

**Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya**. Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng kabuuang buwanang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot.

Makikita rito na ang pinakamataas na buwanang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay umaabot sa ₱20,000 at ang pinakamababa ay mababa pa sa ₱5,000 na kung saan may ilan sa kanila ay may kita ng ganitong halaga na binubuo ng 139 o 47.28 bahagdan.

Animnaput anim sa kanila o 22.45 bahagdan ay may kita na ₱5,001-₱10,000, ang 56 naman o 19.05 bahagdan ay may kita na ₱10,001-₱15,000 bawat buwan at ang natirang 33 o 11.22 bahagdan ay nagpahayag ng buwanang kita na ₱15,001-₱20,000.

**Talahanayan 4**

**Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Buwanang Kita | Bilang | % |
|---|---|---|
| ₱15,001-₱20,000 | 33 | 11.22 |
| ₱10,001-₱15,000 | 56 | 19.05 |
| ₱5,001-₱10,000 | 66 | 22.45 |
| ₱5,000 at pababa | 139 | 47.28 |
| **Kabuuan** | **294** | **100.00** |

Ang naturang mga datos ay nagpapahiwatig na ang pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay may palagiang buwanang kita na siyang pantustos sa mga gastusin ng pamilya. Mula sa kadalasang buwanang kita na mababa pa sa ₱5,000, masasabi na ang mga mag-aaral ay may maliit na kita lamang na mas mababa pa sa natuos na poverty threshold ng 2018 (PSA, 2020) na P9,638.00. Subalit mapapansin na ang mga magulang, bagama't walang sapat na kakayahan na matustusan ang pangunahing pangangailangan ng pamilya, binigyan nila ng prioridad ang pag-aaral ng kanilang mga anak na ibig ipakita na sila ay lubos na naniniwala na ang edukasyon ang susi para umangat sila mula sa kahirapan.

**Sanligang Edukasyon ng Magulang**. Ang Talahanayan 5 ay naghahayag ng sanligang edukasyon ng magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Talahanayan 5**

**Sanliqang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Lebel ng Edukasyon | Tatay | | Nanay | |
|---|---|---|---|---|
| | Bilang | % | Bilang | % |
| Gradwado ng Gradwadong Pag-aaral | 10 | 3.40 | 17 | 5.78 |
| May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral | 2 | 0.68 | 8 | 2.72 |
| Gradwado sa Kolehiyo | 44 | 14.97 | 49 | 16.67 |
| Umabot sa Kolehiyo | 34 | 11.56 | 31 | 10.54 |
| Nakapagtapos ng Sekundarya | 39 | 13.26 | 38 | 12.92 |
| Umabot ng Sekundarya | 46 | 15.65 | 43 | 14.63 |
| Nakapagtapos ng Elementarya | 55 | 18.71 | 46 | 15.65 |
| Umabot ng Elementarya | 64 | 21.77 | 60 | 20.41 |
| Di Binanggit | 0 | 0.00 | 2 | 0.68 |
| **Kabuuan** | **294** | **100.00** | **294** | **100.00** |

Mula sa Talahayan 5 ay makikita na 64 o 21.77 bahagdan sa mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot ay umabot ng elementarya subali't hindi nakapagtapos samantala ang 55 naman o 18.71 bahagdan ay nakapagtapos ng elementarya. Ang 46 o 15.65 bahagdan ay umabot ng sekundarya ngunit hindi nakapagtapos at 39 o 13.26 bahagdan ang nakapagtapos ng sekudarya. Sa karagdagan, 44 o 14.97 bahagdan sa mga tatay ang gradwado sa kolehiyo at ang 34 o 11.56 bahagdan ay umabot sa kolehiyo pero hindi nakapagtapos. Ang natirang mga tatay ng mag-aaral na tagasagot ay umabot sa gradwadong pag-aaral kung saan 10 o 3.40 bahagdan ang nakapagtapos at ang dalawa o 0.68 bahagdan ay hindi nakapagtapos.

Sa kabilang dako, 60 o 20.41 bahagdan sa mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot ay umabot ng elementarya subalit hindi nakapagtapos samantala ang 49 o 16.67 bahagdan ay gradwado sa kolehiyo, 46 o 15.65 bahagdan sa kanila ay nakapagtapos ng elementarya, 43 o 14.63 bahagdan ang umabot sa sekundarya, 38 o 12.92 bahagdan ang nakapagtapos ng sekundarya, 31 o 10.54 bahagdan ang umabot sa kolehiyo at ang iba ay nabahagi sa iba pang lebel ng pag-aaral.

Ang naturang mga datos ay nagsasaad na ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay mga literado na may kakayahang makapagsulat at bumasa ng mga simpleng mensahe at may kakayahan ding makaintindi. Ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na tagasagot sa kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga gawaing bahay.

**Hanapbuhay ng Magulang**. Ang Talahanayan 6 ay naglalaman ng hanapbuhay ng magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

Mula sa talahanayan ay makikita na ang 90 o 30.61 bahagdan sa mga tatay ay mga tagapangasiwa (caretaker) samantala ang 68 o 23.13 bahagdan ay may sariling negosyo, 47 o 16.00 bahagdan ay nagtatrabaho sa pampublikong opisina at ang iba ay nababahagi sa iba pang hanapbuhay na natuklasan sa pag-aaral na ito. Sa kabilang dako, ang Talahanayan 6 ay nagsasaad na 127 o 43.20 bahagdan sa mga nanay ay nasa bahay lamang at 60 o 20.41 bahagdan ang may sariling negosyo.

**Talahanayan 6**

**Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| **Hanapbuhay** | **Tatay** | | **Nanay** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Bilang** | **%** | **Bilang** | **%** |
| Nagtratrabaho sa Pampublikong Opisina | 47 | 16.00 | 25 | 8.50 |
| Nagtratrabaho sa Pribadong Opisina | 26 | 8.84 | 13 | 4.42 |
| Nagtuturo sa Pampublikong Paaralan | 12 | 4.08 | 17 | 5.78 |
| Nagtratrabaho sa Pribadong Paaralan | 8 | 2.72 | 12 | 4.08 |
| May Sariling Negosyo | 68 | 23.13 | 60 | 20.41 |
| Nagprapraktis ng Propesyon | 1 | 0.34 | 8 | 2.72 |
| Naglilingkod sa Sandatahang Lakas | 7 | 2.38 | 0 | 0.00 |
| Naglilingkod sa Sangay ng Kapulisan | 3 | 1.02 | 1 | 0.34 |
| Nagtratrabaho Bilang Manggagawa sa Labas ng Bansa | 3 | 1.02 | 27 | 9.19 |
| Nasa Bahay Lamang | 19 | 6.46 | 127 | 43.20 |
| Tagapangasiwa (Caretaker) | 90 | 30.61 | 4 | 1.36 |
| Mangingisda | 2 | 0.68 | 0 | 0.00 |
| Elektrisyan | 1 | 0.34 | 0 | 0.00 |
| Sekyurity Gard | 1 | 0.34 | 0 | 0.00 |
| Drayber | 3 | 1.02 | 0 | 0.00 |
| Tagapagtinda | 2 | 0.68 | 0 | 0.00 |
| Manggagawa sa Konstruksyon | 1 | 0.34 | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **294** | **100.00** | **294** | **100.00** |

Ang ibang mga nanay naman ay nabahagi sa iba pang hanapbuhay. Ang naturang datos ay lumabas na karamihan sa mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay may mga hanapbuhay na nagbibigay ng regular na kita nila na ginagamit na panustos

sa mga pangangailangan ng pamilya. Kadalasan sa kanila, ang mga tatay ang may hanapbuhay samantala ang mga nanay ay siyang nag-aasikaso sa pangangailangan ng mga miyembro ng pamilya sa bahay. Hindi matatawaran ang naiaambag ng mga nanay bagamat walang kita subalit hindi magiging maayos ang sambahayan kung wala sila.

**Bilang ng Babasahin**. Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng mga babasahin ng mga mag-aaral na tagasagot.

Sa talahanayan ay nagpapabatid na ang mga mag-aaral na tagasagot ay mayroong babasahin na kung saan, 140 sa kanila o 47.62 bahagdan ang nagsabi na mayroon silang sampu at mahigit pang babasahin, ang 78 naman o 26.53 bahagdan ay mayroon mababa sa limang babasahin lamang at ang 76 o 25.85 bahagdan ay mayroong lima hanggang siyam na babasahin.

Ang naturang datos ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na tagasagot ay palagiang nagbabasa upang malinang at mahasa ang kanilang kakayahan dito.

**Talahanayan 7**

**Bilang ng Babasahin ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Bilang ng Babasahin | Bilang | % |
|---|---|---|
| Sampu at Mahigit | 140 | 47.62 |
| Lima-Siyam | 76 | 25.85 |
| Mababa sa Lima | 78 | 26.53 |
| **Kabuuan** | **294** | **100.00** |

Ito ay nagpapahiwatig din na sila ay may interes na matuto lalo na sa pagbabasa.

**Uri ng Babasahin**. Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng uri ng mga babasahin ng mga mag-aaral na tagasagot na kanilang binabasa.

Ayon sa Talahanayan 8, ang 109 o 37.07 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mayroong aklat pampaaralan sa kanila na siyang binabasa nila. Ang 61 o 20.75 bahagdan sa kanila ay mayroong komiks na binabasa, 52 o 17.69 bahagdan ang nagbabasa ng nobela, 40 o 13.61 bahagdan ang nagbabasa sa wattpad.

Ang naturang datos ay naghahayag na sari-saring uri ng mga babasahin ang ginagamit ng mga mag-aaral na tagasagot na kung saan sila ay sanay sa pagbabasa.

**Talahanayan 8**

**Uri ng Babasahin ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Uri ng Babasahin | Bilang | % |
|---|---|---|
| Nobela | 52 | 17.69 |
| Komiks | 61 | 20.75 |
| Aklat Pampaaralan | 109 | 37.07 |
| Mga Propesyunal na Dyornal | 8 | 2.72 |
| Mga Magasin | 3 | 1.02 |
| Mga Seyentipikong Papel | 20 | 6.80 |
| Wattpad | 40 | 13.61 |
| Di-Binanggit | 1 | 0.34 |
| **Kabuuan** | **294** | **100.00** |

Lahat ng mga ito ay maaaring makatulong sa paghasa ng kanilang kasanayan sa pagbabasa. Ang kadalasan sa mga babasahin ng mga mag-aaral na tagasagot ay ang aklat pampaaralan na ipinahihiram sa kanila bilang gamit sa mga asignatura nila.

**Saloobin sa Pagbasa sa Filipino**. Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng saloobin ng mga mag-aaral na tagasagot. Ito ay may 10 indikeytor na maaaring sang-ayunan o tanggihan nila.

Mula sa naturang talahanayan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay "sumang-ayon" sa walong indekeytor na may tamtamang halaga na 3.87 hanggang 4.42. Ang mga Indekeytor Bilang 1 at Bilang 5 ay ang nakakuha ng pinakamataas at pinakamababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod, na nagsasaad na: "ang pagbabasa sa Filipino ay nakakalinang ng kognitibong aspeto ng mga mag-aaral" at "ang pagbabasa sa Filipino ay kritikal para sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang may kinalaman sa wika.

Ang natirang dalawang indekeytor, Bilang 4 at Bilang 10 ay tinaya ng "hindi sigurado" ng mga mag-aaral na tagasagot. Ito ay nagsasaad na: "ang pagbabasa sa Filipino ay isang kumplikadong gawain para sa mga mag-aaral" at "ang pagbabasa sa Filipino ay isa sa mga hindi madaling maisakatuparan na gawain," na may tamtamang halaga na 3.32 at 3.03, ayon sa pagkasunud-sunod.

**Talahanayan 9**

**Saloobin ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pagbasa sa Filipino**

| Saloobin | Tamtaman | Kahulugan |
|---|---|---|
| 1. Ang pagbabasa sa Filipino ay nakakalinang ng kognitibong aspeto ng mga mag-aaral. | 4.42 | SA |
| 2. Ang pagbabasa sa Filipino ay isang kawili-wiling gawain na dapat palagiang isagawa ng mga mag-aaral. | 4.39 | SA |
| 3. Ang pagbabasa sa Filipino ang batayang kasanayan sa wika na mahalaga para sa pagtamo ng mataas na pagganap sa iba't ibang mga asignatura ng mga mag-aaral. | 4.25 | SA |
| 4. Ang pagbabasa sa Filipino ay isang kumplikadong gawain para sa mga mag-aaral. | 3.32 | HS |
| 5. Ang pagbabasa sa Filipino ay kritikal para sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang may kinalaman sa wika. | 3.87 | SA |
| 6. Ang pagbabasa sa Filipino ay isa sa mga makrong kasanayan sa wika na nagsisilbing lunsaran ng natitirang tatlo pang kasanayan sa pakikinig, pagsusulat, at pagsasalita. | 4.22 | SA |
| 7. Ang pagbabasa sa Filipino ay siyang nagtuturo upang magtamo ng tamang tono ng boses ayon sa binibitawang mga salitang Filipino lalo na ang mga salitang may iba't ibang kahulugan. | 4.03 | SA |
| 8. Ang pagbabasa sa Filipino ay nagbibigay ng tamang pag-unawa sa mga binabasang panitikan ayon sa mga tauhan nit, lokasyon, panahon, moral ng seleksyon at iba pa. | 4.38 | SA |
| 9. Ang pagbabasa sa Filipino ay isang malayang paglalakbay ng kaisipan ng isang mag-aaral. | 4.20 | SA |
| 10. Ang pagbabasa sa Filipino ay isa sa mga hindi madaling maisakatuparan na gawain. | 3.03 | HS |

**Karugtong ng Talahanayan 9**

| | |
|---|---|
| **Pangkalahatang Tamtaman** | **4.01** |
| **Kahulugan** | **Sumasang-ayon** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Pinagmulan:** | 4.51-5.00 | Lubos na Sumasang-ayon | (LSS) |
| | 3.51-4.50 | Sumasang-ayon | (SA) |
| | 2.51-3.50 | Hindi Sigurado | (HS) |
| | 1.51-2.50 | Hindi Sumasang-ayon | (HAS) |
| | 1.00-1.50 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon | (LHSA) |

Sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay "sumasang-ayon" sa kanilang saloobin sa pagbaaa sa Filipino. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng pangkalahatang tamtaman na 4.01.

Ibig ipahiwatig nito na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mataas na pagkagiliw sa pagbasa sa Filipino. Ito ay nagpapahiwatig sa kawilihan ng mga mag-aaral na magbasa sa Filipino at itinuturing nilang positibong gawain ang pagbabasa. Ito ay ginagawa nilang palagi hindi lamang dahil kailangan ng asignaturang Filipino subalit upang sila ay magkaroon ng karagdagang kaalaman at mahasa ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

**Antas ng Pag-Akademikong Kakayahan sa Filipino**

Ang Talahanayan 10 ay nagsasaad ng kasalukuyang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot base sa kanilang mga tamtamang marka sa tatlong markahan ng Taong Panuruan 2019-2020.

**Talahanayan 10**

**Antas ng Pang-akademikong Kakayahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Filipino**

| Antas Pang-akademiko | Bilang | % |
|---|---|---|
| 96-100 | 5 | 1.70 |
| 91-95 | 21 | 7.14 |
| 86-90 | 107 | 36.40 |
| 81-85 | 80 | 27.21 |
| 76-80 | 38 | 12.93 |
| 71-75 | 18 | 6.12 |
| 66-70 | 13 | 4.42 |
| 61-65 | 3 | 1.02 |
| 56-60 | 4 | 1.36 |
| 51-55 | 3 | 1.02 |
| 46-50 | 0 | 0.00 |
| 41-45 | 2 | 0.68 |
| **Kabuuan** | **294** | **100.00** |
| **Tamtaman** | **82.16** | |
| **S. D.** | **9.49** | |

Mula sa Talahanayan 9 ay makikita na ang pinakamataas na marka na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot ay 100 at ang pinakamababa ay 41 kung saan ang 107 o 36.40 bahagdan sa kanila ay nakakuha ng markang 86-90 samantala ang 80 o 27.21 bahagdan naman ay nakakuha ng markang 81-85 at 38 o 12.93 bahagdan sa kanila ay nakakuha ng markang 76-80. Ang natirang mga mag-aaral na tagasagot ay naibabahagi sa iba pang antas na nasumpungan sa pag-aaral na ito.

Ang tamtamang antas pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nataya sa 82.16 na may istandard na

kaibahan sa pagitan nila na 9.49. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mataas na pang-akademikong kakayahan na mas mataas kaysa lebel na itinalaga ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na 75.

### Pagkakaiba sa Antas ng Pang-akademikong Kakayahan Sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Kanilang mga Profayl Baryet

Ang Talahanayan 11 ay naghahayag ng pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga sumusunod na baryet: gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, bilang ng mga babasahin, uri ng mga babasahin at saloobin sa pagbabasa sa Filipino, sa pamamagitan ng one-way analysis of variance (ANOVA).

**Gulang**. Sa paghahambing antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang, ang natuos na halaga ng F ay 1.939 na may halaga ng p na 0.000. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 76 at 217 na may kritikal na halaga ng F na $\pm$1.320.

Sa pagtiyak kung ang napatunayang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang ay mahalaga, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa $\alpha$.

**Talahanayan 11**

**Pagkakaiba sa Antas ng Pang-akademikong Kakayahan sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Kanilang mga Profayl Baryet**

| Baryet | Halaga ng F | | df | Halaga ng *p* | Ebalwasyon / Desisyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | Natuos | Kritikal | | | |
| Gulang | 1.939 | ±1.320 | 76<br>217 | 0.000 | Mahalaga/ Tanggihan ang Epotesis |
| Kasarian | 1.436 | ±1.320 | 76<br>**217** | 0.023 | Mahalaga/ Tanggihan ang Epotesis |
| Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya | 1.243 | ±1.320 | 76<br>217 | 0.115 | Di-Mahalaga/ Tanggapin ang Epotesis |
| Sanligang Edukasyon ng mga Magulang | 1.223 | ±1.320 | 76<br>217 | 0.133 | Di-Mahalaga/ Tanggapin ang Epotesis |
| Hanapbuhay ng mga Magulang | 1.162 | ±1.320 | 76<br>217 | 0.202 | Di-Mahalaga/ Tanggapin ang Epotesis |
| Bilang ng mga Babasahin | 0.932 | ±1.320 | 76<br>217 | 0.633 | Di-Mahalaga/ Tanggapin ang Epotesis |
| Uri ng mga Babasahin | 1.001 | ±1.320 | 76<br>217 | 0.485 | Di-Mahalaga/ Tanggapin ang Epotesis |
| Saloobin sa Pagbabasa sa Filipino | 1.351 | ±1.320 | 76 | 0.048 | Mahalaga/ Tanggihan ang Epotesis |

Ang sumusunod na pamantayan sa desisyon ay ang naging gabay sa pagtanggap o pagtanggi sa epotesis: tanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa $\alpha$ at tanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mababa kaysa $\alpha$.

Sa paghahambing sa pagkakaiba na ito ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kay sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mababa kaysa $\alpha$, ito ay nagpapahayag na ang pagkakaiba ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang ay lubhang mahalaga. Ibig sabihin nito na ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay nagkakaiba depende sa gulang nila.

Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang," ay tinanggihan.

Ibig sabihin dito na ang mga mag-aaral na tagasagot na medyo matatanda na ay may mas mataas na antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino kaysa sa medyo bata pa. Ito ay sinusuportahan ng Teorya ni Piaget tungkol sa pagdebelop ng bata at ng kanyang kakayahan.

**Kasarian**. Sa paghahambing sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kasirian, ang natuos na halaga ng F ay 1.436 na may halaga ng p na 0.023. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 76 at 217 na may kritikal na halaga ng F na $\pm$1.320. Sa pagtiyak kung ang napatunayang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kasarian ay mahalaga, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa $\alpha$.

Ang sumusunod na pamantayan sa desisyon ay ang naging gabay sa pagtanggap o pagtanggi sa epotesis: tanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa $\alpha$ at tanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mababa kaysa $\alpha$.

Sa paghahambing sa pagkakaiba na ito ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mababa kaysa $\alpha$, ito ay naghihiwatig na ang pagkakaiba ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kasarian ay lubhang mahalaga. Ibig sabihin nito na

ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay nagkakaiba depende sa kasarian nila. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kasarian," ay tinanggihan. Ibig sabihin dito na ang mga babaeng mag-aaral na tagasagot ay may mas mataas na antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino kaysa sa mga lalaki. Ito ay sinusuportahan ng mga sikolohista na nagsasabi na ang mga babae ay matatas sa asignaturang panglengwahe kaysa mga lalaki na mas mataas ang kakayahan sa matematika.

**Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya**. Sa paghahambing sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya, ang natuos na halaga ng F ay 1.243 na may halaga ng p na 0.115. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 76 at 217 na may kritikal na halaga ng F na $\pm 1.320$. Sa pagtiyak kung ang napatunayang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kabuuang buwanang kita ng pamilya ay mahalaga, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa $\alpha$.

Ang sumusunod na pamantayan sa desisyon ay ang naging gabay sa pagtanggap o pagtanggi sa epotesis: tanggapin ang

epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α at tanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mababa kaysa α.

Sa paghahambing sa pagkakaiba na ito ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mababa kay sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α, ito ay naghihiwatig na ang pagkakaiba ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kabuuang buwang kita ng pamilya ay di-mahalaga.

Ibig sabihin nito na ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay walang pinagka-iba sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot na may malaking kita ang pamilya at sa doon na ang kita ay katamtaman lamang.

Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya," ay tinanggap.

**Sanligang Edukasyon ng Magulang**. Sa paghahambing antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sanligang edukasyon ng kanilang mga magulang, ang natuos na halaga ng F ay 1.223 na may halagang

p na 0.133. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 76 at 217 na may kritikal na halaga ng F na $\pm$1.320. Sa pagtiyak kung ang napatunayang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sanligang edukasyon ng magulang ay mahalaga, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa α.

Ang sumusunod na pamantayan sa desisyon ay ang naging gabay sa pagtanggap o pagtanggi sa epotesis: tanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α at tanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mababa kaysa α.

Sa paghahambing sa pagkakaiba na ito ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α, ito ay naghihiwatig na ang pagkakaiba ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sanligang edukasyon ng kanilang mga magulang ay di-mahalaga. Ibig sabihin nito na ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay walang pinagka-iba sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot na may magulang na mataas ang pinag-aralan at sa doon sa ang mga magulang ay

may mababang pinag-aralan lamang. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sanligang edukasyon ng magulang," ay tinanggap.

**Hanapbuhay ng Magulang**. Sa paghahambing antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa hanapbuhay ng mga magulang, ang natuos na halaga ng F ay 1.162 na may halaa ng p na 0.202. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 76 at 217 na may kritikal na halaga ng F na ±1.320.

Sa pagtiyak kung ang napatunayang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa hanapbuhay ng magulang ay mahalaga, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa α.

Ang sumusunod na pamantayan sa desisyon ay ang naging gabay sa pagtanggap o pagtanggi sa epotesis: tanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α at tanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mababa kaysa α.

Sa paghahambing sa pagkakaiba na ito ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mababa kay sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α, ito ay naghihiwatig na ang pagkakaiba ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa hanapbuhay ng kanilang mga magulang ay di-mahalaga. Ibig sabihin nito na ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay walang pinagkaiba sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot na may magulang na matatag at malaki ang kita ng hanapbuhay ng magulang kaysa doon sa ang mga magulang ay may hindi matatag na hanapbuhay at ang kita ay mababa lamang. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa hanapbuhay ng magulang," ay tinanggap.

**Bilang ng mga Babasahin**. Sa paghahambing antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa bilang ng mga babasahin, ang natuos na halaga ng F ay 0.932 na may halaga ng p na 0.633. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 76 at 217 na may kritikal na halaga ng F na ±1.320. Sa pagtiyak kung ang napatunayang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa bilang ng mga babasahin ay

mahalaga, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa α.

Ang sumusunod na pamantayan sa desisyon ay ang naging gabay sa pagtanggap o pagtanggi sa epotesis: tanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α at tanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mababa kaysa α.

Sa paghahambing sa pagkakaiba na ito ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mababa kay sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α, ito ay naghihiwatig na ang pagkakaiba ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa bilang ng mga babasahin ay di-mahalaga.

Ibig sabihin nito na ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay walang pinagka-iba sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot na may madaming babasahin at sa doon sa may kakaunting babasahin lamang.

Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa bilang ng mga babasahin," ay tinanggap.

**Uri ng mga Babasahin**. Sa paghahambing sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa uri ng mga babasahin, ang natuos na halaga ng F ay 1.001 na may halaga ng p na 0.485. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 76 at 217 na may kritikal na halaga ng F na $\pm$1.320. Sa pagtiyak kung ang napatunayang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa uri ng mga babasahin ay mahalaga, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa α.

Ang sumusunod na pamantayan sa desisyon ay ang naging gabay sa pagtanggap o pagtanggi sa epotesis: tanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α at tanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mababa kaysa α.

Sa paghahambing sa pagkakaiba na ito ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mababa kay sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas kaysa α, ito ay nagpapatunay na ang pagkakaiba ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa uri ng mga babasahin ay di-mahalaga. Ibig sabihin nito na ang

antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay walang pinagkaiba sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot na may maraming uri ng babasahin at sa doon sa may kakaunting uri ng babasahin lamang. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa uri ng mga babasahin," ay tinanggap.

**Saloobin sa Pagbasa sa Filipino**. Sa paghahambing sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang saloobin sa pagbasa sa Filipino, ang natuos na halaga ng F ay 1.351 na may halaa ng p na 0.048. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 76 at 217 na may kritikal na halaga ng F na ±1.320. Sa pagtiyak kung ang napatunayang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang saloobin sa pagbasa sa Filipino ay mahalaga, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa α.

Ang sumusunod na pamantayan sa desisyon ay ang naging gabay sa pagtanggap o pagtanggi sa epotesis: tanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mataas

kaysa α at tanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay lubhang mas mababa kaysa α. Sa paghahambing sa pagkakaiba na ito ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mas mataas kay sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mababa kaysa α, ito ay naghihiwatig na ang pagkakaiba ng antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang saloobin sa pagbasa sa Filipino ay lubhang mahalaga.

Ang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay nagkakaiba ayon sa saloobin nila sa pagbasa sa Filipino. Ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang saloobin sa pagbasa sa Filipino," ay tinanggihan.

Ibig sabihin dito na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mas mataas na saloobin sa pagbasa sa Filipino ay may mataas din na antas ng pang-akademikong kasanayan sa Filipino kaysa sa doon sa may pagkabagot sa pagbabasa sa Filipino.

Sa kabuuan, ang kanilang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ay nagkakaiba sa gulang, kasarian at saloobin sa pagbabasa sa Filipino at walang pinagkaiba sa ibang baryet. Ibig sabihin nito na ang mga mag-aaral ay may iba't ibang kakayahang pang-akademiko sa Filipino ayon sa

kanilang gulang, kasarian, at saloobin sa pagbabasa sa Filipino.

**Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Pang-akademikong Kakayahan sa Filpino ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang Kanilang mga Profayl Baryet**

Ang Talahanayan 12 ay naglalaman ng kaugnayan sa pagitan ng antas pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang profayl baryet ayon sa: gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, bilang ng mga babasahin, uri ng mga babasahin at saloobin sa pagbabasa sa Filipino, sa pamamagitan ng pagtatayang Pearson Product-Moment Coefficient ng Korelasyon.

**Gulang**. Sa pag-uugnay sa antas pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang gulang, ang natuos na halaga ng r ay -.103 na nangangahulugan ng isang napakahinang ugnayang linyar. Sa pagtiyak sa kahalagan ng ugnayan, ang natuos na halaga na 1.769 na may halaga ng p na 0.078. Ito ay tinaya sa lebel ng alpha na .05 at sa degri ng kalayaan (degree of freedom) na 292 na may kritikal na halaga ng F na $\pm$1.968. Sa pagtiyak kung may ugnayan sa antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang gulang, ang natuos na halaga ay inihambing sa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay inihambing sa $\alpha$.

**Talahanayan 12**

**Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Pang-akademikong Kakayahan sa Filpino ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang Kanilang mga Profayl Baryet**

| Baryet | Kaugnayan | | Halaga ng t | Halaga ng *p* @ .05 | Ebalwasyon/ Desisyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | Natuos | Degri | | | |
| Gulang | -.103 | Napaka-hina | 1.769 | 0.078 | Di-Mahalaga/ Tanggapin ang Epotesis |
| Kasarian | .223 | Mahina | 3.909 | 0.000 | Mahalaga/ Tanggihan ang Epotesis |
| Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya | .085 | Napaka-hina | 1.458 | 0.147 | Di-Mahalaga/ Tanggapin ang Epotesis |
Sa paglagom, sa salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na tagasagot, ang sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pangkaisipang salik at sosyal at emosyonal na salik ang napatunayang may kaugnayan sa kakayahan nila. Ang istruktural o pampaaralang salik ay walang kinalaman dito.

**Mahalagang Implikasyon na Nakuha sa Kinalabasan ng Pag-aaral**

Sa kinalabasan sa pag-aaral na ito ay napatunayan na ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na tagasagot, bagama't hindi naaapektuhan ng kanilang gulang, ito ay nakakaiba na ibig ipahiwatig na ang maturity ng mga mag-aaral ay kailangan upang lubusang mahasa sila at matuto.

Sa karagdagan, nagpag-alaman din sa pag-aaral na ito na ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ay nakakaiba ayon sa kasarian kung saan ang mga kababaehan ang mas

nakakalamang sa mga kalalakihan sa asignaturang panglengwahe, dapat bigyan ng isang panubaybay na intervensyon ang mga kalalakihan sa lengwahe upang maging kasinggaling din sila sa mga babae.

Ang salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral lalo na ang sosyo-ekonomiko, sikolohikal at pangkaisipan, at ang sosyal at emosyonal na salik ay dapat tutukan upang matiyak na kaaya-aya sa kanila upang mapataas ang antas ng kanilang pang-akademikong kakayahan.

# Kabanata 5

## LAGOM NG KINALABASAN, MGA KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng lagom ng kinalabasan, mga konklusyon na hango sa kinalabasan at ang mga rekomendasyon o tagubilin na base sa mga konklusyon.

### Lagom ng Kinalabasan

Ang sumusunod ay ang mga mahahalagang kinalabasan sa pag-aaral na ito:

1. Ang pinakamatandang mag-aaral na tagasagot ay may gulang na 16 na taon samantala ang pinakabata ay may gulang na 11 taon na may tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 17.60 taon gulang na may istandard na kaibhan na 0.72 taon lamang. Sa karagdagan, karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mga babae na binubuo ng 151 o 51.40 bahagdan.

2. Ang pinakamataas na buwanang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay umaabot sa ₱20,000 at ang pinakamababa ay mababa pa sa ₱5,000 na kung saan may ilan sa kanila ay may kita ng ganitong halaga na binubuo ng 139 o 47.28 bahagdan.

3. Ang 64 o 21.77 bahagdan ng mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot ay umabot ng elementarya subalit hindi nakapagtapos samantala 60 o 20.41 bahagdan naman sa mga nanay

ng mga mag-aaral na tagasagot ay umabot ng elementarya subali't hindi nakapagtapos din.

4. Ang 90 o 30.61 bahagdan sa mga tatay ay mga tagapangasiwa (caretaker) samantala ang 127 o 43.20 bahagdan sa mga nanay ay nasa bahay lamang.

5. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay mayroong babasahin na kung saan, 140 o 47.62 bahagdan sa kanila ang nagsabi na mayroon silang sampu at mahigit pang babasahin.

6. Ang 109 o 37.07 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mayroong aklat pampaaralan sa kanila na siyang binabasa nila.

7. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay "sumasang-ayon" sa kanilang saloobin sa pagbasa sa Filipino. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng pangkalahatang tamtaman na 4.01.

8. Ang pinakamataas na marka na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot ay 100 at ang pinakamababa ay 41 kung saan ang tamtamang antas pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nataya sa 82.16 na may istandard na kaibahan sa pagitan nila na 9.49.

9. Sa paghahambing ng antas sa pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang mga baryet, ang sumusunod ay ang mga nasumpungan: gulang, mahalaga; kasarian, mahalaga; kabuuang buwanang kita ng pamilya, d-mahalaga; sanligang edukasyon ng mga magulang, di-

mahalaga; hanapbuhay ng mga magulang, di-mahalaga; bilang ng mga babasahin, di-mahalaga; uri ng mga babasahin, di-mahalaga; at saloobin sa pagbabasa sa Filipino, mahalaga.

10. Sa pag-uugnay sa antas pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang profayl baryet, ang mga natamong kinalabasan ay: gulang, di-mahalaga; kasarian, mahalaga; kabuuang buwanang kita ng pamilya, di-mahalaga; sanligang edukasyon ng mga magulang, di-mahalaga; hanapbuhay ng mga magulang, di-mahalaga; bilang ng mga babasahin, mahalaga; uri ng mga babasahin, di-mahalaga; at saloobin sa pagbabasa sa Filipino, di-mahalaga.

11. Sa pagtasa sa salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na tagasagot, ang sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pangkaisipang salik, sosyal at emosyonal na salik at estruktural at pampaaralang salik ay katamtaman lamang.

12. Ang sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pangkaisipang salik, sosyal at emosyonal na salik ay mahalaga samantala ang aspetong estruktural at pampaaralang salik ay di-mahalaga.

**Mga Konklusyon**

Mula sa mga kinalabasan sa pag-aaral, ang mga sumusunod na konklusyon ay nahango:

1. Ang mga mag-aaral na kasangkot ay nasa tamang gulang na angkop sa pinapasukan nilang lebel ng pag-aaral. Sila ay magkakasinggulang lamang kung kaya't sa ugali at interes ay halos nagpapareho lang kung saan karamihan ng mga lumahok sa pangangalap ng mga datos ay mga babae na ibig sabihin mas karamihan sa kanila ang nag-aaral na pinatutunayan sa listahan ng mga mag-aaral kung saan mga babae ang karamihan sa kanila.

2. Ang pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay may palagiang buwanang kita na siyang pantustos sa mga gastusin ng pamilya. Mula sa buwanang kita na mababa pa sa ₱5,000, masasabi na ang mga mag-aaral ay may maliit na kita lamang na mas mababa pa sa natuos na poverty threshold ng 2018 (PSA, 2020) na P9,638.00. Subali't mapapansin na ang mga magulang, bagamat walang sapat na kakayahan na matustusan ang pangunahing pangangailangan ng pamilya, binigyan nila ng prioridad ang pag-aaral ng kanilang mga anak na ibig ipakita na sila ay lubos na naniniwala na ang edukasyon ang susi para umangat sila mula sa kahirapan.

3. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay mga literado na may kakayahang makapagsulat at bumasa ng mga simpleng mensahe at may kakayahan ding makaintindi. Ito ay makakatulong sa mga mag-aaral na tagasagot sa kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga gawaing

bahay upang mas paunlarin ang kanilang pang-akademikong performans sa Filipino.

4. Ang karamihan sa mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay may mga hanapbuhay na nagbibigay ng regular na kita nila na ginagamit na panustos sa mga pangangailangan ng pamilya. Kadalasan sa kanila, ang mga tatay ang may hanapbuhay samantala ang mga nanay ay siyang umaasikaso sa pangangailangan ng mga miyembro ng pamilya sa bahay. Hindi matatawaran ang naiaambag ng mga nanay bagamat walang kita subalit hindi magiging maayos ang sambahayan kung wala sila.

5. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay palagiang nagbabasa upang malinang at mahasa ang kanilang kakayahan dito. Ito ay nagpapahiwatig din na sila ay may interes na matuto lalo na sa pagbabasa.

6. Sari-saring uri ng mga babasahin ang ginagamit ng mga mag-aaral na tagasagot na kung saan sila ay sanay sa pagbabasa. Lahat ng mga ito ay maaaring makatulong sa paghasa ng kanilang kasanayan sa pagbabasa. Ang kadalasan sa mga babasahin ng mga mag-aaral na tagasagot ay ang aklat pampaaralan na ipinahihiram sa kanila bilang gamit sa mga asignatura nila.

7. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mataas na pagkagiliw sa pagbasa sa Filipino. Ito ay ginagawa nilang palagi hindi lamang dahil kailangan ng asignaturang Filipino

subali't upang sila ay magkaroon ng karagdagang kaalaman at mahasa ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

8. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay may kaaya-ayang antas ng pang-akademikong kakayahan na pinatutunayan ng natayang tamtaman na mas mataas kaysa lebel na itinalaga ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na 75.

9. Sa mga baryet ng mga mag-aaral na tagasagot, ang kanilang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ay nagkakaiba sa gulang, kasarian at saloobin sa pagbabasa sa Filipino lamang. Sa ibang baryet, ito ay walang pinagkaiba.

10. Ang kasarian at bilang ng mga babasahin lamang sa mga profayl baryet ng mga mag-aaral ang napatunayang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang antas ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino. Ang ibang baryet ay hindi nagpakita ng ugnayan dito.

11. Lahat ng salik sosyo-ekonomiko, sikolohikal o pangkaisipan, sosyal at emosyonal at istruktural at pampaaralan ay nakaaapekto ng pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot bagamat katamtaman lang. Ibig ipabatid rito na dapat ito ay bigyan ng pokus ng mga mag-aaral upang makatulong sa pagpataas pa ng kanilang pang-akademikong kakayahan sa Filipino at maging matagumpay sa kanilang pag-aaral. Ibig ding ipahiwatig nito na ang pang-akademikong performans ng mga mag-aaral ay hindi hiwalay sa

ilang mga salik na maaaring nasa personal na aspeto ng mga mag-aaral o nasa kanilang lipunan.

12. Sa salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na tagasagot, ang sosyo-ekonomikong salik, sikolohikal o pangkaisipang salit at sosyal at emosyonal na salit ang napatunayang may kaugnayan sa kakayahan nila. Ang struktural o pampaaralang salik ay walang kinalaman dito.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa mga konklusyon na hango mula sa mga kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang sumusunod ay ang mga tagubilin:

1. Sa napatunayan na ang pang-akademikong kakayahan sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot, bagama't hindi naaapektuhan ng kanilang gulang, ito ay nakakaiba na ibig ipahiwatig na ang maturity ng mga mag-aaral ay kailangan bigyan ng pansin sa mga aralin upang lubusang mahasa sila at matuto.

2. Sa napag-alaman din sa pag-aaral na ito na ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral ay nakakaiba ayon sa kasarian kung saan ang mga kababaehan ang mas nakakalamang sa mga kalalakihan sa asignaturang panglengwahe, dapat bigyan ng isang panubaybay na intervensyon ang mga kalalakihan sa lengwahe upang maging kasinggaling din sila sa mga kababaehan.

3. Dahil napatunayan din sa pag-aaral na ito na ang bilang ng mga babasahin ay may kaugnayan sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, iminumungkahi rito sa kanila na magkaroon sila ng isang maliit na aklatan sa kanilang tahanan kung saan ang mga babasahin nila ay maitatago ng maayos na maaari nilang basahin sa libreng oras nila at sila ay patuloy na magdagdag ng mga babasahin.

4. Ang salik na nakaaapekto sa pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral lalong lalo na ang sosyo-ekonomiko, sikolohikal at pangkaisipan, at ang sosyal at emosyonal na salik ay dapat tutukan na ito ay matiyak na kaaya-aya sa kanila upang mapataas ang antas ng kanilang pang-akademikong kakayahan. Dapat ito ay isama sa kurikulum at mga aralin.

5. Isang pasubaybay na pag-aaral ang maaaring isagawa upang makagawa ng isang programang pang intervensyon para sa pagpapataas ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral na gamit ang salik ng aspetong pangsosyo-ekonomiko, pangsikolohikal o pangkaisipan at pangsosyal o pang-emosyonal.

# TALASANGGUNIAN

## A. MGA AKLAT

Arao, Danilo A. **Kwento ng Sagradong Grado**. Lungsod ng Quezon: Asian Star Publishing House Corporation, 2013.

Bernardo, A.B.I., et al. "Filipino Adolescent Students' Conceptions of Learning Goals". In O.S. Tan, et al. (Eds.), **What the West can Learn from the East: Asian Perspectives on the Psychology of Learning and Motivation**. Greenwich, CT: Information Age Publishing, 2009.

Ford, M. **Motivating Humans: Goals, Emotions, and Personal Agency Beliefs**. New Bury Park, CA: Sage Publications, 1992.

Simon, Gary A. & Freund, John E. **Modern Elementary Statistics**. Prentice Hall, 1992.

Steinberg, Laurence D., et al. **Beyond the Classroom: Why School Reform Has Failed and What Parents Need to do**. New York: Simon and Schuster, 2009.

Walpole, Ronald E. **Introduction to Statistics**. Thriftbooks, 1982.

## B. MGA DYORNAL/PERYODIKAL/MAGASIN/IBA PANG MGA MATERYAL

Ali, N., et al. "The Factors Influencing Students' Performance at Universiti Teknologi MARAH Kedah, Malaysia". **Canadian Research and Development Center of Sciences and Cultures**, 3(4), 2009.

Al-Rofo, M. "The Dimensions that Affect the Students' Low Accumulative Average in Tafila Technical University". **Journal of Social Sciences**, 22(1), 2010.

Bandura, A. "Self-Efficacy: Toward a Unifying Theory of Behavioral Change". **Psychological Review**, 84, 1977.

Batas Republika Bilang 10533. **Official Gazette**, 2013.

Bem, D.J. "Self-Perception Theory". **Advances in Experimental Social Psychology**, 6, 1972.

Brown, I. & Inouye, D. "Learned Helplessness through Modeling: The Role of Perceived Similarity in Competence". **Journal of Personality and Social Psychology**, 36, 1998.

Capraro, M.M., et al. "An Investigation of the Effect of Gender, Socio-Economic Status, Race and Grades on Standardized Test Scores". A Paper Presented at the Meeting of the Southwest Educational Research Association, Dallas, TX, 2009.

Cokley, K.O. "An Investigation of Academic Self-Concept and its Relationship to Academic Achievement in African American College Students". **Journal of Black Psychology**, 26, 2010.

Crosnoe, R., et al. "School Size and the Interpersonal Side of Education: An Examination of Race/Ethnicity and Organizational Context". **Social Science Quarterly**, 85(5), 2014.

Devadoss, S. & Foltz, J. "Evaluation of Factors Influencing Student Class Attendance and Performance". **American Journal of Agriculture Economics**, 78, 2010.

Farkas, G. "Cognitive Skills and Non-Cognitive Traits and Behaviors in Stratification Processes". **Annual Review of Sociology**, 29, 2013.

Gabay Pangkurikulum sa Filipino, 2012

Khajehpour, M. "Relationship between Emotional Intelligence, Parental Involvement and Academic Performance of High School Students". **Procedia-Social and Behavioral Sciences**, 15, 2011.

Lal, K. "Academic Stress among Adolescent in Relation to Intelligence and Demographic Factors". **American International Journal of Research in Humanities, Arts, and Social Sciences**, 5(1), 2014.

Luz, Juan Miguel. "ANALYSIS: PISA Results: Using this to set an Olympic Goal for PH Education". **Rappler News**, 2019.

Mendezabal, M.J.N. "Study Habits and Attitudes: The Road to Academic Success". **Open Science Repository Education**, 2013.

Mischel, W. "Toward a Cognitive Social Learning Reconceptualization of Personality". **Psychological Review**, 80, 1973.

Ordinario, Cai U. "Low NAT scores may worsen under K to 12". **Rappler News**, 2015.

Pandey, R.C. "Academic Achievement as Related to Achievement Motivation and Parental Background". **Indian Psychological Review**, 70(4), 2010.

Pintrich, P. & De Groot, E. "Motivational and Self-Regulated Learning Components of Classroom Academic Performance". **Journal of Educational Psychology**, 82, 1993.

Roorda, D.L., et al. "The Influence of Affective Teacher-Student Relationships on Students' School Engagement and Achievement: A Meta-Analytic Approach". **Review of Educational Research**, 81, 2011.

Samoy, Edelyn L. "Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral na Nagmamayorya sa Filipino". Isang Napapanahong Riserts, Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Himamaylan, Negros Occidental, 2014.

Upton, Jane. "Psychological Factors". **Encyclopedia of Behavioral Medicine**, 2013.

Viernes, Veronica Joyce P. "Isang Pag-aaral Ukol sa Iba't Ibang Salik na Nakakaapekto sa Akademik Performans ng mga Iskolar sa Assumption College, Makati, School Year 2013-2014". Isang Aksyon Riserts, Assumption College, Lungsod ng Makati, 2014.

### C. MGA NALATHALA AT DI-NALATHALANG MATERYAL

Ada, Hazel C. "Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Distrito ng Wright II-San Jose de Buan: Batayang Interbensyon". Di-Nalathalang Tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2018.

Aguirre, Ruth D. "Kaugnayan ng Study Habits ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Edukasyon tungo sa Akademikong Performans sa Pamantayan ng Xavier, Taon 2010-2011". Di-Nalathalang Tesis, Pamantasan ng Xavier, Lungsod ng Cagayan de Oro, Misamis Oriental, 2011.

Al-Zoubi, Samer M. "Low Academic Achievement: Causes and Results". Unpublished Master's Thesis, Ajloun National University, Jordan, 2015.

Andaya, Olive Joy F. "Factors that Affect Mathematics Achievement of Students of Philippine Normal University-Isabela Campus". Unpublished Master's Thesis, Philippine

Normal University-North Luzon Campus, Alicia, Isabela, 2014.

Basri, Wael Sh. "ICT Adoption Impact on Students' Academic Performance: Evidence from Saudi Universities". Unpublished Dissertation, Northern Border University, Arar, Saudi Arabia, 2018.

Capuno, Reylan. "Attitudes, Study Habits, and Academic Performance of Junior High School Students in Mathematics". Unpublished Master's Thesis, Cebu Technological University, Cebu City, 2019.

El-Omari, Abdallah Hussein. "Factors Affecting Students' Achievement in English Language Learning Association". Unpublished Master's Thesis, Al-Balqa Applied University, Jordan, 2016.

Flores, Carla Joy F. "Akademikong Performans ng mga Piling Mag-aaral sa Special Program in Sports sa Pambansang Mataas na Paaralan ng La Union Taong Panuruan 2014-2015". Di-Nalathalang Tesis, Kolehiyo ng San Luis, San Fernando, Lungsod ng La Union, 2016.

Lasaten, Ronald Candy S. "English Language Proficiency and Academic Performance of Philippine Science High School Students". Unpublished Master's Thesis, Mariano Marcos State University, Laoag City, Philippines, 2016.

Magpily, Maria Pamela. "Non-Cognitive Factors Affecting the Academic Performance of Fourth Year College Students of a Private College in Manila". Unpublished Master's Thesis, Polytechnic University of the Philippines, Manila, 2011.

Orbeta, Elden D. "Factors Associated with Students' Performance in English in the Implementation of Spiral Progression". Unpublished Master's Thesis, Davao Del Norte State College, Panabo City, Davao Del Norte, 2019.

## D. MGA ELEKTRONIKO

https://www.collegeraptor.com, Disyembre 11, 2019

https://www.investopedia.com, Disyembre 11, 2019

https://www.merriam-webster.com, Disyembre 11, 2019

http://www.nea.org, Disyembre 11, 2019

https://www.oecd.org/pisa/, Marso 10, 2020

https://www.sciencedirect.com, Disyembre 11, 2019

https://www.ukessays.com, Disyembre 11, 2019

# MGA APENDIKS

## APENDIKS A

## LIHAM PAHINTULOT SA PAGPAPATIBAY NG SULIRANIN

Samar College
Catbalogan City

Nobyembre 4, 2019

**DR. NIMFA T. TORREMORO**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Mahal na Dekana:

Isang mapagpalang araw!

Magalang na ipinababatid ng nakalagda ang pagnanais na magsagawa ng isang panukalang tesis bilang pagtupad sa mga gawaing itinakda ng degring, Master ng Edukasyon, medyor sa Filipino. Kaugnay nito, nais kong isumite ang sumusunod na mga paksa ng nais kong sulating panukalang tesis, na may partikular na interes sa unang paksa:

1. **PANG-AKADEMIKONG KAKAYAHAN SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG**
2. KAKAYAHAN SA PAGSUSULAT NG MGA AKDANG PAMPANITIKAN SA WIKANG FILIPINO TUNGO SA MAKABAGONG PANAHON NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR
3. SULIRANIN SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA PAKIKIPAGTALASTASAN NG MGA ESTUDYANTE SA IKAPITONG BAITANG NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR

Kaugnay rin po nito, nais ko pong hingin ang inyong pahintulot na makapagsimula sa pagsulat ng aking pananaliksik. Ang inyong pahintulot ay aking lubos na kikilalanin at pasasalamatan. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **ROWENA B. GORGONIA**
Mananaliksik

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

**APENDIKS B**

**LIHAM PAGTATAKDA NG TAGAPAYO**

Republic of the Philippines
Commission on Higher Education
Region VIII
**SAMAR COLLEGES**
**COLLEGE OF GRADUATE STUDIES**
City of Catbalogan

**PANGALAN** : ROWENA B. GORGONIA

**KURSO** : Master sa Sining ng Edukasyon

**MIDYUR** : Filipino

**PAMAGAT NG TESIS** : **PANG-AKADEMIKONG KAKAYAHAN SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG**

**TAGAPAYO** : CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.

(LGD.) **ROWENA B. GORGONIA**
Pangalan ng Mananaliksik

Conforme:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

**APENDIKS C**

**TALATANUNGAN PARA SA MGA MAG-AARAL NA TAGASAGOT**

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Enero 23, 2020

Mahal na mga Tagasagot:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"PANG-AKADEMIKONG KAKAYAHAN SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa akin na kayo ay maging isa sa mga tagasagot sa pag-aaral na ito.

Makakaasa po kayong ang inyong mga pribadong impormasyon ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungang ito ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Dagdag pa rito, ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay ibabahagi sa inyo upang magsilbing fidbak para sa pagpapabuti ng inyong paggamit ng Wikang Filipino.

Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **ROWENA B. GORGONIA**
Mananaliksik

---

**Unang Bahagi. Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot**
**Panuto:** Ang bahaging ito ay binubuo ng mga aytem hinggil sa inyong mga personal na katangian. Pakipunan ang mga puwang ng tamang impormasyon at/o lagyan ng tsek ang mga puwang sa bawat aytem.

Pangalan ____________________________________________________

1. Gulang ____      2. Kasarian    ( ) Lalaki     ( ) Babae

3. Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya
   ( ) Php 5,000.00 at pababa
   ( ) Php 5,001.00 – Php 10,000.00
   ( ) Php 10,001.00 – Php 15,000.00
   ( ) Php 15,001.00 – Php 20,000.00
   ( ) Php 20,001.00 at pataas

4. Sanligang Edukasyon ng mga Magulang

| Tatay | | Nanay |
|---|---|---|
| ( ) | Nakapagtapos ng Elementarya | ( ) |
| ( ) | Umabot ng Elementarya pero Hindi Nakapagtapos | ( ) |
| ( ) | Nakapagtapos ng Sekundarya | ( ) |
| ( ) | Umabot ng Sekundarya pero Hindi Nakapagtapos | ( ) |
| ( ) | Gradwado ng Kolehiyo | ( ) |
| ( ) | Umabot ng Kolehiyo pero Hindi Nakapagtapos | ( ) |
| ( ) | Gradwado ng Gradwadong Pag-aaral | ( ) |
| ( ) | May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral | ( ) |

5. Hanapbuhay ng mga Magulang

| Tatay | | Nanay |
|---|---|---|
| ( ) | Nagtatrabaho sa Pampublikong Opisina | ( ) |
| ( ) | Nagtatrabaho sa Pribadong Opisina | ( ) |
| ( ) | Nagtuturo sa Pampublikong Paaralan | ( ) |
| ( ) | Nagtuturo sa Pribadong Paaralan | ( ) |
| ( ) | May Sariling Negosyo (Self-Employed) | ( ) |
| ( ) | Nagpapraktis ng Propesyon (Pagiging Doktor) | ( ) |
| ( ) | Naglilingkod sa Sandatahang Lakas (AFP) | ( ) |
| ( ) | Naglilingkod sa Sangay ng Kapulisan (PNP) | ( ) |
| ( ) | Nagtatrabaho bilang Manggagawa sa Labas ng Bansa | ( ) |
| ( ) | Nasa Bahay Lamang | ( ) |
| ( ) | Iba pa, pakilagay ____ | |

6. Pang-Akademikong Pagganap sa Filipino
   ___ Unang Markahang Pagsusulit sa Filipino 7
   ___ Ikalawang Markahang Pagsusulit sa Filipino 7
   ___ Ikatlong Markahang Pagsusulit sa Filipino 7

**Ikalawang Bahagi. Mga Saloobin Hinggil sa Pagbabasa sa Filipino**

**PANUTO:** Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng 10 pangungusap na sumasalamin sa inyong mga saloobin hinggil sa pagbabasa sa Filipino halaw sa isinagawang pag-aaral ni Ada (2018). Pakilagyan ng tsek (/) ang kolum ng inyong sagot gamit bilang gabay ang limang puntong iskala sa ibaba:

**5 – Lubos na Sumasang-ayon (LSA)**
**4 – Sumasang-ayon (SA)**

**3 – Hindi Sigurado (HS)**
**2 – Hindi Sumasang-ayon (HSA)**
**1 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHSA)**

| **Mga Saloobin** | **LSA (5)** | **SA (4)** | **HS (3)** | **HSA (2)** | **LHSA (1)** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Ang pagbabasa sa Filipino ay nakakalinang ng kognitibong aspeto ng mga mag-aaral. | | | | | |
| 2. Ang pagbabasa sa Filipino ay isang kawili-wiling gawain na dapat palagiang isagawa ng mga mag-aaral. | | | | | |
| 3. Ang pagbabasa sa Filipino ang batayang kasanayan sa wika na mahalaga para sa pagtamo ng mataas na pagganap sa iba't ibang mga asignatura ng mga mag-aaral. | | | | | |
| 4. Ang pagbabasa sa Filipino ay isang kumplikadong gawain para sa mga mag-aaral. | | | | | |
| 5. Ang pagbabasa sa Filipino ay kritikal para sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang may kinalaman sa wika. | | | | | |
| 6. Ang pagbabasa sa Filipino ay isa sa mga makrong kasanayan sa wika na nagsisilbing lunsaran ng natitirang tatlo pang kasanayan sa pakikinig, pagsusulat, at pagsasalita. | | | | | |
| 7. Ang pagbabasa sa Filipino ay siyang nagtuturo upang magtamo ng tamang tono ng boses ayon sa binibitawang mga salitang Filipino lalo na ang mga salitang may iba't ibang kahulugan. | | | | | |
| 8. Ang pagbabasa sa Filipino ay nagbibigay ng tamang pag-unawa sa mga binabasang panitikan ayon sa mga tauhan nit, lokasyon, panahon, moral ng seleksyon at iba pa. | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 9. Ang pagbabasa sa Filipino ay isang malayang paglalakbay ng kaisipan ng isang mag-aaral. | | | | | |
| 10. Ang pagbabasa sa Filipino ay isa sa mga hindi madaling maisakatuparan na gawain. | | | | | |

**Ikalawang Bahagi. Pananaw Hinggil sa mga Salik na Nakaaapekto sa Pang-Akademikong Kakayahan sa Filipino ng mga Mag-aaral**

**PANUTO:** Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng 40 pangungusap na sumasalamin sa inyong mga pananaw hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa inyong pang-akademikong kakayahan sa Filipino. Pakilagyan ng tsek (/) ang kolum ng inyong sagot gamit bilang gabay ang limang puntong iskala sa ibaba:

**5 – Lubhang Nakaaapekto (LN)**
**4 – Nakaaapekto (N)**
**3 – Katamtamang Nakaaapekto (KN)**
**2 – Hindi Gaanong Nakaaapekto (HGN)**
**1 – Hindi Nakaaapekto (HN)**

| **Indekeytor** | **Mga Sagot** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **PS (5)** | **MM (4)** | **MngM (3)** | **HGN (2)** | **HN (1)** |
| **A. Sosyo-Ekonomikong Salik** | | | | | |
| 1. Pagiging sapat ng pera ng pamilya para sa gastusin sa pag-aaral | | | | | |
| 2. Tamang nutrisyon ng mga mag-aaral | | | | | |
| 3. Kaangkupan ng antas ng edukasyon ng mga magulang sa kawilihan ng mga mag-aaral na pumasok sa paaralan | | | | | |
| 4. Marangal na hanapbuhay o pinagkukunan ng ikabubuhay ng mga magulang sa pagsustento sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa paaralan | | | | | |
| 5. Disenteng bahay na may palikuran, higaan, at iba pang mga pasilidad na kailangan para sa | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| pamamahinga ng mga mag-aaral | | | | | |
| 6. Pagkakaroon ng koneksyon ng kuryente para sa pag-aaral sa gabi, at tubig para sa paliligo, paglalaba, at iba pa | | | | | |
| 7. Tamang pabaon sa mga mag-aaral sa kanilang pagpasok sa paaralan | | | | | |
| 8. Wasto at sapat na atensyong medical na ibinibigay ng mga magulang sa mga anak sa bawat pagdaing ng karamdaman | | | | | |
| 9. Lokasyon ng inuuwiang bahay mula sa paaralan | | | | | |
| 10. Pagkakaroon ng malawak na access sa transportasyon pauwi at pabalik sa paaralan | | | | | |
| **B. Sikolohikal o Pang-Kaisipang Salik** | | | | | |
| 1. Likas na katalinuhang taglay o namana mula sa mga magulang | | | | | |
| 2. Paggamit sa iba't ibang uri ng katalinuhan ayon sa mga ipinanukala ni Gardner o ang tinatawag na multiple intelligences | | | | | |
| 3. Likas na mga kognitibong kakayahan kagaya ng pag-unawa sa mga aralin, pagkakaroon ng mapanuring kaisipan, at iba pa | | | | | |
| 4. Kaangkupan ng gawi at asta ng mga mag-aaral sa kanilang gulang, kasarian, at sikolohikal na aspeto | | | | | |
| 5. Kakayahang rendahan ang pag-iisip na maging positibo sa mga bagay na | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| likas sa pag-aaral at iwasan ang mga nagsalimbayan na mga kaisipan dulot ng mga panlipunang kaganapan | | | | | |
| 6. Kakayahang iwasan ang kaway ng tukso ng bisyo kagaya ng droga, paninigarilyo, at pag-inom ng alak | | | | | |
| 7. Positibong pananaw sa buhay at pag-aaral sa kabila ng mga suliranin at mga hadlang sa pag-aaral | | | | | |
| 8. Mataas na antas ng pangkaisipang pag-unlad kagaya ng pagtatamo ng mapanuring pag-iisip | | | | | |
| 9. Kakayahang maipaliwanag ang mga pangyayari sa pag-aaral na may positibong pananaw at masayang disposisyon | | | | | |
| 10. Kakayahang maiwasan ang sobrang pag-iisip ng mga hindi kaaya-ayang bagay na may kinalaman sa pag-aaral | | | | | |
| **C. Sosyal at Emosyunal na Salik** | | | | | |
| 1. Relasyon ng bawat isang miyembro ng pamilya ng mag-aaral | | | | | |
| 2. Relasyon ng mag-aaral sa kapwa mag-aaral | | | | | |
| 3. Uri ng pakikipagkaibigan ng mga mag-aaral | | | | | |
| 4. Estado ng puso ng mag-aaral sa pakikipagrelasyon sa taliwas na kasarian | | | | | |
| 5. Kakayahang dalhin ang mga usaping emosyunal kagaya ng pagkawala ng isang mahal sa buhay | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 6. Kakayahang maiwasan ang lumalaganap na bullying sa pagitan ng mga mag-aaral, maging ito ay sa mismong kapaligiran ng paaralan o sa Internet | | | | | |
| 7. Pangkalahatang emosyunal na aspeto ng pagkatao ng isang mag-aaral na maiwasan ang depresyon at iba pang uri ng ganitong klase ng problema | | | | | |
| 8. Kakayahang marendahan ang emosyon sa pagsilakbo sa pagiging galit o agresibo sa mga bagay-bagay | | | | | |
| 9. Kakayahang masabayan ang pangkalahatang kapaligiran ng paaralan, ang mga interaksyon sa pagitan ng mga administrador at mga guro, at mga administrador at mga mag-aaral | | | | | |
| 10. Kakayahang masabayan ang mga pagbabagong nangyayari sa lipunan katulad ng paglipana ng mga sosyal midya kagaya ng Facebook at iba pa | | | | | |
| **D. Struktural at Pampaaralang Salik** | | | | | |
| 1. Kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturo ng mga guro sa Filipino | | | | | |
| 2. Kawastuhan ng mga ginagamit na gabay pang-kurikulum sa Filipino sa paggawa ng mga banghay aralin sa nasabing asignatura | | | | | |
| 3. Pagiging sapat ng mga kagamitang pampaaralan kagaya ng mga aklat sa | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Filipino Baitang 7, at mga learners' guides | | | | | |
| 4. Pagiging angkop ng bilang ng mga mag-aaral sa mga gurong nagtuturo ng Filipino o ang tinatawag na student : teacher ratio sa isang klase | | | | | |
| 5. Maaliwalas na silid-aralan na puno ng mga istrukturang nagpapakita ng iba't ibang paksang tinatalakay sa Filipino Baitang 7 | | | | | |
| 6. Sapat na mga salingkurang pagsasanay para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Baitang 7 | | | | | |
| 7. Sapat na pananalapi ng paaralan upang tugunan ang mga pangangailangan sa paggawa ng istruktural na kaayusan ng klasrum upang maging kaaya-aya sa pagkatuto ng lahat ng mga paksang saklaw ng Filipino 7 | | | | | |
| 8. Pagkakaroon ng positibo at kaaya-ayang kapaligiran para sa mga mag-aaral | | | | | |
| 9. Positibo at masayang interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at mga gurong nagtuturo ng Filipino | | | | | |
| 10. Mataas na antas ng kakayahan sa pagtuturo ng mga paksang saklaw ng Filipino sa Baitang 7 ng mga guro | | | | | |

Maraming Salamat Po!

# APENDIKS D

## LIHAM PAGHINGI NG PAHINTULOT MULA SA PANSANGAY NA TAGAMASID NG SANGAY NG LUNGSOD NG CATBALOGAN

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Enero 23, 2020

**DR. CARMELA R. TAMAYO**
OIC, Tanggapan ng Pansangay na Tagapamahala
Sangay ng Lungsod ng Catbalogan
Lungsod ng Catbalogan

Sa pamamagitan ni: **DR. MA. LINDA S. LEGARSE**
Senior Education Program Specialist for Planning and Research
School Governance and Operations Division (SGOD)

Madame:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"PANG-AKADEMIKONG KAKAYAHAN SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral sa 293 mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar pagkatapos ng kanilang mga klase sa umaga mula Pebrero 3-7, 2020.

Makakaasa po kayong ang mga pribadong impormasyon ng mga mag-aaral ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungan ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Makakaasa rin po ang inyong tanggapan na isasagawa ng personal ang pamumudmod ng talatanungan upang masiguro ng mananaliksik na pumapayag ng kusa at hindi pinilit ang mga mag-aaral na bibigyan nito na sagutin ang mga katanungan. Dagdag pa rito, ang isang pinal na kopya ng pag-aaral na ito ay ibibigay sa inyong tanggapan upang magsilbing fidbak ng isinagawang pag-aaral. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **ROWENA B. GORGONIA**
Mananaliksik

Binigyang Puna:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Mungkahing Pagpapatibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(LGD.) **CARMELA R. TAMAYO, PhD**
OIC, Pansangay na Tagapamanihala

# APENDIKS E

## LIHAM PAGHINGI NG PAHINTULOT MULA SA PUNONGGURO NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Enero 23, 2020

**GNG. RUTH D. CABANGANAN**
Punong-Guro
Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan

Madame:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"PANG-AKADEMIKONG KAKAYAHAN SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral sa 293 mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar sa ilalim ng inyong pamamahala pagkatapos ng kanilang mga klase sa umaga mula Pebrero 3-7, 2020.

Makakaasa po kayong ang mga pribadong impormasyon ng mga mag-aaral ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungan ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Makakaasa rin po ang inyong tanggapan na isasagawa ng personal ang pamumudmod ng talatanungan upang masiguro ng mananaliksik na pumapayag ng kusa at hindi pinilit ang mga mag-aaral na bibigyan nito na sagutin ang mga katanungan. Dagdag pa rito, ang isang pinal na kopya ng pag-aaral na ito ay ibibigay sa inyong tanggapan upang magsilbing fidbak ng isinagawang pag-aaral. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **ROWENA B. GORGONIA**
Mananaliksik

Binigyang Puna:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Mungkahing Pagpapatibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(LGD.) **RUTH D. CABANGANAN**
Punong-Guro, Pambansang Paaralan ng Samar

# KURIKULUM VITA

| | | |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | : | **ROWENA B. GORGONIA** |
| **LUGAR NG KAPANGANAKAN** | : | Santa Mesa, Manila |
| **PETSA NG KAPANGANAKAN** | : | Oktubre 5, 1973 |
| **KATAYUANG SIBIL** | : | May Asawa |
| **TIRAHAN** | : | Purok 4A, Brgy. Mercedes<br>Lungsod ng Catbalogan |
| **TATAY** | : | Alfredo M. Baloja |
| **NANAY** | : | Minda A. Espolon |
| **ASAWA** | : | Patrocenio H. Gorgonia Jr. |
| **ANAK** | : | Ma. Auriel Joy B. Gorgonia<br>Vince Russel B. Gorgonia<br>Michelle B. Gorgonia<br>Rey Cyril B. Gorgonia |

**MGA EDUKASYONG NATAMO**

| | | |
|---|---|---|
| Elementarya | : | Paaralang Elementarya ng Mercedes<br>(Ngayon ay Catbalogan V CES)<br>Brgy. Mercedes, Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 1985-1986 |
| Sekundarya | : | Pambansang Paaralan ng Samar<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 1990-1991 |
| Kolehiyo | : | Samar Colleges, Inc.<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 1996-1997<br>With Award |
| Kurso | : | Batsilyer sa Agham ng Komersyo |
| | | Samar Colleges, Inc.<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 2012-2013 |
| Kurso | : | **BATSILYER SA SEKUNDARYANG EDUKASYON (Filipino)** |

Gradwadong Pag-aaral : Samar Colleges, Inc.
Lungsod ng Catbalogan
Taong Panuruan 2019-2020
(45 Yunits-CAR)

Kurso : **MASTER OF ARTS IN EDUCATION (Filipino)**

## ELIGIBILITY

Licensure Examination for Teachers
Lungsod ng Tacloban
Setyembre 27, 2015

## WORK EXPERIENCES

Secondary School Teacher I
Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan
Enero 11, 2017-Kasalukuyan

## SALINGKURANG PAGSASANAY NA DINALUHAN

Division Teachers Induction Program, Catbalogan V Central Elementary School, Mercedes, Catbalogan City, November 11-17, 2017

Learning Approach in the K-12 Assessment Strategies, Samar National School, Catbalogan City, October 30, 2017

NSET/Pampaaralang Pagsasanay, Samar National School, Catbalogan City, October 24-26, 2016